

ang *tagapagbalita* ng
# REPORMASYON
Vol. 66, No. 4

# PAGHAYO SA BUONG SANGLIBUTAN

SANGLINGGONG PANALANGIN | DISYEMBRE 5 – 14, 2025

ang tagapagbalita ng
# REPORMASYON
Volume 66, Number 4

IN THIS ISSUE

Editoryal ........ 3
**Sila'y Naghihintay sa Atin**

Ang Ating Marangal na Pagkatawag
Tayo ay inutusang sumulong, kasama ang Makapangyarihan sa lahat na nangunguna sa daan ating panig ........ 4

Malapit sa Pugon ng Apoy
Ang pag -ibig na nadarama mula sa mainit na pagsasama sa loob ng tahanan ay maaaring magpatuloy hanggang sa walang hanggan ....... 10

“Bigyan Ninyo Sila ng Makakain”
Kahit na tila imposible ang mga bagay, ang malikhaing kapangyarihan ng Makapangyarihan -sa -lahat ay nasa abot-kamay 16

Sa Mga Lansangan at sa Mga Daan
Ito'y napakalaking pribilehiyo na maglingkod sa mga tao mula sa lahat ng kultura, mga uri, at mga komunidad! ........ 22

“Pinagaling Ka Ng Iyong Pananampalataya”
Ang sinumang may anumang karamdaman ay hinihimok na magsumamo sa pamamagitan ng pananampalataya sa Dakilang Manggagamot ........ 29

Isinilang at Hinubog upang Maglingkod
Dapat tayong maging lubos na mapagpasalamat na matuto at bumuo ng mga gawi ng paglilingkod sa murang edad/bahang bata pa! ........ 35

Pagsasanay sa Pagiging mga ng mga Tagasunod
Ang mga magulang at mga guro ay may sagradong tungkulin na ibigay ang tunay na edukasyong may walang hanggang layunin 40

Magsiyaon na Ngayon!
Isang patulang panawagan upang pasiglahin at palawakin ang nasasaklaw ng ating paglilingkod ........ 46

## NAGHAHANDA UPANG HUMAYO

Lumipas na naman ang isa pang taon. . . . Gaano tayo dapat maging mapagpasalamat na maaari pa tayong manirahan sa lupain ng mga buhay! Ang Dios sa Kaniyang kagandahang-loob ay pinagkalooban pa tayo ng kaunti pang panahon; tayo ay magalak at matuwa dito. Ang Sanglinggong Pananalangin sa pagtatapos ng taon ay palaging nagbibigay ng isang makabuluhang pagkakataon upang suriin ang ating mga puso at mas mapalapit sa mga kapwa mananampalataya na nagpapahalaga rin sa ating mahalagang pananampalataya sa malapit nang pagdating ni Jesus.

Ngayong taon, ang ating pagtutuonan ay isang mapanghamon at nakakapagpagpasiglang misyon - na ito'y ang pagpapalaganap ng pangkasalukuyang katotohanan sa buong sanlibutan. Kung mas maagang maisasakatuparan ang misyong ito, mas makakabuti para sa lahat!

“Ang ating Heneral, na hindi nagkakamali kailanman, ay nagsabi sa atin, Sumulong kayo. Pasukin ninyo ang bagong mga lugar. Itaas ang pamantayan, magtatag ng mga dambana sa bawat dako. Ipaalam na ang Dios ay may isang bayan sa mundo na hindi nakalimot na Siya ay may kautusan, na nagbubuklod sa buong sangkatauhan.”1

Habang tayo ay nagpapatuloy ng taimtim sa pagbabasa sa temang ito na, Pagyaon Sa Buong Sanglibutan, na may layuning masigasig na isakatuparan ang napakahalagang misyong ito, ang ating kagalakan ay aagos nang masagana.

Tiyaking maibahagi natin ang napakalaking pagpapala ng mga babasahing ito sa iba na maaaring nakahiwalay o kaya'y hindi makaalis ng tahanan, bukod dito'y alalahanin ang mga sumusunod na petsa:

**Panalangin na may pag-aayuno:**
Sabbath, Disyembre 13
**Handog para sa mga misyon:**
Linggo, Disyembre 14

Ito ay aming panalangin na ang Sanglinggong ito ng Panalangin ay magbigay-sigla sa bawat isa sa atin na humayo nang may matapat na pagkilos bilang mga instrumento ng liwanag, na tumatagos sa kadiliman ng sanlibutan. Amen.

---

[1] *The Australasian Union Conference Record*, January 1, 1900.

**Official Church Publication of the Seventh Day Adventist Reform Movement**

“The greatest want of the world is the want of men—men who will not be bought or sold.”—*Education*, p. 57.

*Editor* B. Montrose
*Layout and Design* D. Conceição

**Web:** http://www.sdarm.org; **E-mail:** info@sdarm.org

**THE REFORMATION HERALD**® (ISSN 0482-0843) features articles on Bible doctrine that will enrich the spiritual life of those who seek to know more about God. It is published bimonthly by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, P. O. Box 7240, Roanoke, VA 24019-0240, U.S.A.

Printed and distributed by Reformation Herald Publishing Association. Manuscripts, inquiries, address changes, subscriptions, payments, and donations should be mailed to the address below. Periodical postage paid at Roanoke, Virginia 24022.

**Subscription rates:**
United States: $18.00; Foreign countries: $16.00 plus shipping;
Single issue: $4.00 plus shipping
https://subscriptions.reformationherald.com

**POSTMASTER:** Send address changes to The Reformation Herald, P. O. Box 7240, ROANOKE, VA 24019.

Vol. 66, No. 4; Copyright © 2025 October–December issue.

**Illustrations:** Adobe Stock on the front cover; Freepik on pp. 3, 6, 8, 11, 12, 17, 19, 20, 23, 28, 31; Midjourney on pp. 4, 16, 21, 25, 32.



# SILA'Y NAGHIHINTAY SA ATIN...

Karamihan sa atin ay alam na alam ang karanasan ni Felipe nang siya'y tinawag upang makipag-usap sa isang maimpluwensyang tao mula sa Ethiopia

"Datapuwa't nagsalita kay Felipe ang isang anghel ng Panginoon, na nagsasabi, Magtindig ka, at ikaw ay pumaroon sa dakong timugan, sa daang palusong mula sa Jerusalem hanggang sa Gaza: na ito'y ilang. At siya'y nagtindig at yumaon: at narito, ang isang lalaking taga Etiopia, isang bating na may dakilang kapamahalaan na sakop ni Candace, reina ng mga Etiope, na siyang namamahala ng lahat niyang kayamanan, at siya'y naparoon sa Jerusalem upang sumamba; At siya'y pabalik at nakaupo sa kaniyang karo, at binabasa ang propeta Isaias. At sinabi kay Felipe ng Espiritu, Lumapit ka, at makisama sa karong ito. At tumakbo si Felipeng patungo sa kaniya, at napakinggan niyang binabasa si Isaias na propeta, at sinabi, Nauunawa mo baga ang binabasa mo? At sinabi niya, Paanong magagawa ko, maliban nang may pumatnubay sa aking sinoman? At pinakiusapan niya si Felipe na pumanhik at maupong kasama niya. At binuka ni Felipe ang kaniyang bibig, at sa pagpapasimula sa kasulatang ito, ay ipinangaral sa kaniya si Jesus." (Mga Gawa 8:26–31, 35).

Ito ay hindi lamang isang kwento, kundi isang tunay na makasaysayang kaganapan. Palagi ba nating isinasaalang-alang kung gaano ito lubos na nauugnay sa bawat isa sa atin ngayon?

"Ang taga-Etiopiang ito ay kumakatawan sa napakalaking pangkat ng mga tao na kailangang maturuan ng mga misyonerong tulad ni Filipe—mga taong handang makinig sa tinig ng Dios at pupunta saan man Niya sila ipadadala. Maraming nagbabasa ng mga banal na kasulatan subali't hindi maintindihan ang tunay nilang kahulugan. **Sa buong sanlibutan ay may mga kalalakihan at kababaihang nakatingin nang may pananabik sa langit. Ang mga panalangin at pagluha at mga katanungan ay umaakyat mula sa mga kaluluwang nagnanais ng liwanag, ng biyaya, ng Banal na Espiritu. Marami ang nasa gilid na ng kaharian, na naghihintay lamang na sila ay tipunin.**

"Isang anghel ang gumabay kay Filipe patungo sa isa na naghahanap ng liwanag at handa nang tumanggap ng ebanghelyo, at hanggang ngayon ay ginagabayan ng mga anghel ang mga hakbang ng mga manggagawa na magpapahintulot sa Banal na Espiritu na pakabanalin ang kanilang pananalita at dalisayin at parangalin ang kanilang mga puso. Ang anghel na isinugo kay Filipe ay maaari sanang magawa mismo ang gawain para sa taong taga-Etiopia, subali't hindi ito ang paraan ng Dios. Ito ay Kaniyang plano na ang mga tao ay gumawa para sa kanilang mga kapwa.

"Sa tiwalang ibinigay sa mga unang alagad, ang mga mananampalataya sa bawat kapanahunan ay naging kabahagi. Ang lahat na nakatanggap ng ebanghelyo ay binigyan ng sagradong katotohanan upang ipamahagi sa sanlibutan. Ang matapat na bayan ng Dios ay palaging masigasig na mga misyonero, na inilalaan ang kanilang mga kayamanan para sa karangalan ng Kaniyang pangalan at ginagamit nang may katalinuhan ang kanilang mga kaloob sa paglilingkod sa Kaniya.

"Ang hindi makasariling paggawa ng mga Kristiyano sa nakaraan ay dapat maging mahalagang aral at inspirasyon para sa atin ngayon. Ang mga kaanib ng Iglesia ng Dios ay dapat maging masigasig sa mabubuting gawa, na humihiwalay sa makamundong ambisyon at lumalakad sa mga bakas Niya na nagpapatuloy upang gumawa ng mabuti. Taglay ang mga pusong puno ng pagdamay at pagkahabag, sila ay dapat maglingkod sa mga nangangailangan ng tulong, na maghatid sa mga makasalanan ng kaalaman tungkol sa pag -ibig ng Tagapagligtas. Ang gayong gawain ay nangangailangan ng matiyagang pagsisikap, ngunit ito ay magdadala ng masagang gantimpala. Ang mga nakikibahagi dito nang may katapatan ng layunin ay makakakita ng mga kaluluwa na nadadala sa Tagapagligtas, sapagka't ang impluwensyang sumasama sa praktikal na pagsasagawa ng Banal na atas ay hindi mapipigilan.

"Hindi lamang sa ordinadong ministro nakasalalay ang responsibilidad na lumabas upang ganapin ang atas na ito. Ang bawat isa na tumanggap kay Cristo ay tinatawagan upang gumawa para sa kaligtasan ng kanyang mga kapwa. . . .

"Ang atas ng Tagapagligtas ay ibinibigay sa lahat ng nananampalataya sa Kaniyang pangalan. Ang Dios ay ipadadala sa Kaniyang ubasan ang marami na hindi pa naitalaga sa ministeryo sa pamamagitan ng pagpatong ng mga kamay."1

"Sa karanasan ni Filipe at ng taga-Etiopia ay ipinapakita ang gawaing itinalaga ng Panginoon sa Kaniyang bayan. . . . Marami sa sanlibutan ang nagbabasa ng banal na mga Kasulatan, subali't hindi nauunawaan ang kanilang kahulugan. Ang mga kalalakihan at kababaihan na may kaalaman sa Dios ay kinakailangan upang ipaliwanag ang Salita sa mga kaluluwang ito."2

Kung ikaw ay pinagpala ng kaalamang ito, kabilang ka sa kanila! ℛ

**References:**

[1] *The Acts of the Apostles*, pp. 109, 110. [Emphasis added.]
[2] *Testimonies for the Church*, vol. 8, p. 58.



# ANG ATING MARANGAL NA PAGKATAWAG

MULA SA MGA SULAT NI ELLEN G. WHITE

Ang panawagan upang ialay ang lahat sa dambana ng paglilingkod ay dumarating sa bawat isa. Tayong lahat ay hindi hinihilingan na maglingkod kung paanong si Eliseo ay naglingkod, ni tayong lahat man ay inuutusan na ibenta ang lahat ng ating ari-arian; ngunit hinihiling sa atin ng Dios na unahin natin ang paglilingkod sa Kaniya sa ating buhay, huwag hayaang lumipas ang araw nang walang ginagawa upang isulong ang Kaniyang gawain sa lupa. Hindi niya inaasahan mula sa lahat ang parehong uri ng paglilingkod. Ang isa ay maaaring tawagan sa ministeryo sa banyagang lupain; ang isa naman ay maaaring hilingin na magbigay ng kanyang panustos bilang suporta sa gawaing ebanghelyo. Tinatanggap ng Dios ang handog ng bawat isa. Ang mahalaga ay ang pagtatalaga ng buhay at lahat ng mga layunin nito. Ang mga gumagawa ng pagtatalagang ito ay makikinig at susundin ang panawagan ng langit.

Sa lahat na nakikibahagi ng Kaniyang biyaya, ang Panginoon ay nagtatalaga ng gawain para sa iba. Bawat isa ay dapat tumayo sa ating bahagi, na nagsasabing, "Narito ako; suguin Mo ako."

Maging siya ay isang ministro ng Salita o isang manggagamot, maging mangangalakal man siya o magsasaka, propesyonal na tao o mekaniko, ang responsibilidad ay nakasalalay sa kanya. Ito ang kanyang gawain na ipahayag sa iba ang ebanghelyo ng kanilang kaligtasan. Ang bawat gawain kung saan siya nauugnay ay dapat na magsilbing daan para sa layuning ito.1

## Paano Ako Magsisimula?

Hindi kailangang maghintay na



tawagan para sa ilang malayong lupain bago magsimulang tumulong sa kapwa. Nasaan ka man, maaari ka nang magsimula kaagad. Ang mga pagkakataon ay abot-kamay ng lahat. Gampanan ang gawaing ipinagkatiwala sa iyo—mga tungkuling dapat gawin sa iyong tahanan at sa iyong paligid. Huwag nang hintayin ang pag-uudyok ng iba upang kumilos. Taglay ang takot sa Dios, humayo nang walang pagpapaliban, taglay ang kamalayan sa iyong personal na tungkulin sa Kaniya na nagbigay ng Kaniyang buhay para sa iyo. Kumilos na parang naririnig mong nananawagan si Kristo sa iyo nang personal na gawin ang iyong makakaya sa paglilingkod sa Kaniya. Huwag maghanap kung sino pa ang handa na. Kung ikaw ay tunay na itinalaga, ang Diyos ay, gagamitin ka bilang kasangkapan, upang akayin ang iba sa katotohanan na maaari Niyang gamitin bilang mga daluyan upang maiparating ang liwanag sa marami na nangangapa sa kadiliman.

Lahat ay may magagawa. Sa pagsisikap na ipagdahilan ang kanilang sarili, ang ilan ay nagsasabi, "Ang aking mga tungkulin sa tahanan, ang aking mga anak, ay nangangailangan ang aking oras at ng aking panustos." Mga magulang, ang inyong mga anak ay dapat na maging inyong kaagapay, na nagdaragdag ng inyong kapangyarihan at kakayahang maglingkod para sa Panginoon. Ang mga bata ay ang mga nakababatang kaanib ng pamilya ng Panginoon. Dapat silang magabayan upang ilaan ang kanilang mga sarili sa Dios, na sila ay Kaniyang mga pag-aari sa paglikha at sa pagtubos. Dapat silang maturuan na ang lahat ng mga kakayahan ng kanilang katawan, isipan, at kaluluwa ay sa Kaniya. Dapat silang sanayin upang makatulong sa iba't ibang uri ng hindi makasariling paglilingkod. Huwag hayaang ang inyong mga anak ay maging mga hadlang. Kasama ninyo ang mga anak ay dapat makibahagi sa espirituwal pati na rin sa mga pisikal na pasanin. Sa pamamagitan ng pagtulong sa iba ay madaragdagan nila ang kanilang sariling kaligayahan at pagiging kapaki-pakinabang.2

Layunin ng Diyos na ang Kaniyang bayan ay magiging isang pinabanal, dalisay, banal na bayan, na nagpapalaganap ng liwanag sa lahat ng nakapaligid sa kanila. Ito ang Kaniyang layunin na, sa pamamagitan ng pagpapakita ng katotohanan sa kanilang buhay, sila ay magiging isang kapurihan sa mundo. Ang biyaya ni Cristo ay sapat na upang maisakatuparan ito. Subali't dapat tandaan ng bayan ng Diyos na tanging sa kanilang pananampalataya at pagsasagawa ng mga prinsipyo ng ebanghelyo maaari Niyang gawin silang isang kapurihan sa mundo. Tanging kung gagamitin lamang nila ang kanilang mga kakayahang ibinigay ng Dios sa paglilingkod sa Kaniya ay mararanasan nila ang kapuspusan at kapangyarihan ng pangako kung saan ang iglesia ay tinawagang manindigan. Kung ang mga nag-aangkin na nanampalataya kay Cristo bilang kanilang Tagapagligtas ay naaabot lamang ang mababang pamantayaan ng makamundong panukat, ang iglesia ay mabibigong magdala ng masaganang ani na inaasahan ng Dios. "Nasumpungang Kulang" ang nakasulat sa kanyang talaan. . . .

Ang mga alagad ay hindi dapat hintayin ang mga tao na lumapit sa kanila. Sila ang dapat pumunta sa mga tao, na naghahanap sa mga makasalanan kagaya ng isang pastol na naghahanap sa mga nawawalang tupa. Si Kristo ay binuksan ang sanlibutan sa harap nila bilang bukirin na kanilang lilinangin. Sila ay dapat magsiyaon "sa buong  sa buong sanglibutan, at ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal." Marcos 16:15. Ang Tagapagligtas ang dapat nilang ipangaral, ang Kaniyang buhay ng hindi makasariling paglilingkod, ang Kaniyang kamatayan na puno ng kahihiyan, ang Kaniyang pag-ibig na walang makakapantay at hindi magbabago. Ang Kaniyang pangalan ay dapat maging kanilang bukam-bibig, ang bigkis ng kanilang pagkakaisa. Sa Kaniyang pangalan ay dapat nilang pabagsakin ang mga kuta ng kasalanan. Ang pananampalataya sa Kaniyang pangalan ang dapat na maging tanda  ng kanilang pagiging



Hindi lamang sa mga nangangaral ng Salita inilalagay ng Dios ang tungkuling magsikap na mailigtas ang mga makasalanan. Ibinibigay Niya ang gawaing ito sa lahat. Ang ating mga puso ay dapat na mapuspos ng pag-ibig ni Cristo upang ang mga salita ng ating pagpapasalamat ay makapagpainit ng mga puso ng iba. Ito ay paglilingkod na maaaring gawin ng lahat.

Kristiyano.

Sa pagbibigay sa mga alagad ng karagdagang mga tagubilin, sinabi ni Kristo: "Tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa." "Datapuwa't magsipanatili kayo sa bayan, hanggang sa kayo'y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas." Mga Gawa 1: 8; Lucas 24:49.

Sa pagsunod sa salita ng kanilang Panginoon ang mga alagad ay nagtipon sa Jerusalem upang hintayin ang katuparan ng pangako ng Diyos. Dito sila gumugol ng sampung araw, mga araw ng malalim na pagsisiyasat ng puso. Inalis nila ang lahat ng hindi pagkakaunawaan at naging malapít sa isa't-isa sa Kristianong pagtitipon.

Sa pagtatapos ng sampung araw ay tinupad ng Panginoon ang Kaniyang pangako sa pamamagitan ng isang kamanghamanghang pagbubuhos ng Kaniyang Espiritu. "At biglang dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng sa isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno ang buong bahay na kanilang kinauupuan. At sa kanila'y may napakitang mga dilang kawangis ng apoy, na nagkabahabahagi; at dumapo sa bawa't isa sa kanila. At silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nangagpasimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkakaloob ng Espiritu na kanilang salitain." "At nangaparagdag sa kanila nang araw na yaon ang may tatlong libong kaluluwa." Mga Gawa 2: 2–4, 41.

"At nagsialis sila, at nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang kasama nila ang Panginoon, at pinatototohanan ang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip." Marcos 16:20. Sa kabila ng matinding pagsalungat na hinarap ng mga alagad, sa maikling panahon ang ebanghelyo ng kaharian ay naipahayag sa lahat ng mga pinananahanang bahagi ng lupa.

Ang atas na ibinigay sa mga alagad ay ibinibigay din sa atin. Ngayon, tulad noon, ang ipinako sa krus at nabuhay na maguling Tagapagligtas ay dapat na itanghal sa harap ng mga taong walang Dios at walang pag -asa sa sanlibutan. Ang Panginoon ay nananawagan sa mga pastor, guro, at mga ebanghelista. Mula sa isang pintuan hanggang sa iba pang pintuan ang Kaniyang mga lingkod ay dapat ipahayag ang mensahe ng kaligtasan. Sa bawat bansa, angkan, wika, at mga tao ang mga balita ng kapatawaran sa pamamagitan ni Cristo ay dapat dalhin.

Hindi dapat sa matamlay, walang buhay na pananalita ang mensahe ay ibibigay, kundi sa malinaw, determinado, nakakapukaw na mga pananalita. Daan-daang tao ang naghihintay para sa babala upang makatakas para sa kanilang buhay. Kailangang makita ng sanlibutan sa mga Kristiano ang katibayan ng kapangyarihan ng pagiging-Kristiyano. Hindi lamang sa ilang mga lugar, kundi sa buong sanlibutan, kinakailangan ang mga mensahero ng awa. Mula sa bawat bansa ay naririnig ang sigaw: "Magsiparito kayo, ... at tulungan ninyo kami." Mayaman at mahirap, mataas at mababa, ay nananawagan para sa liwanag. Ang mga kalalakihan at kababaihan ay nagugutom sa katotohanang nagmumula kay Jesus. Kapag narinig nilang ipinapangaral ang ebanghelyo na may kapangyarihan mula sa kaitaasan, malalaman nila na ang piging ay nakahanda na para sa kanila, at tutugon sila sa panawagang: "Magsiparito kayo; sapagka't ang lahat ng bagay ay handa na." Lucas 14:17.

Ang mga salitang "Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal" (Marcos 16:15) ay ipinapahayag sa bawat isa sa

mga tagasunod ni Kristo. Ang lahat ng itinalaga sa buhay na kay Cristo ay itinatalaga upang gumawa para sa kaligtasan ng kanilang mga kapwa tao. Ang parehong pananabik ng kaluluwa na naramdaman Niya para sa pagliligtas ng mga nawaglit ay makikita sa kanila. Hindi lahat ay maaaring punan ang parehong lugar, ngunit para sa lahat ay may lugar at gawain. Ang lahat na pinagkalooban ng Dios ng mga pagpapala ay dapat tumugon sa pamamagitan ng aktwal na paglilingkod; ang bawat kaloob ay dapat gamitin para sa ikasusulong ng Kaniyang kaharian.

## Isang Pangakong Hindi Magbabago

Si Kristo ay gumawa ng ganap na paghahanda para sa pagtataguyod ng gawaing ipinagkatiwala sa mga alagad, at inako sa Kaniyang sarili ang responsibilidad ng tagumpay nito. Hangga't sinusunod nila ang Kaniyang salita, at gumagawa na may kaugnayan sa Kaniya, hindi sila mabibigo. Magsiyaon kayo sa lahat ng mga bansa, inutusan Niya sila. Pumunta sa pinakamalayong bahagi ng tinatahanang daigdig, subali't alamin na ang Aking presensya ay naroroon. Gumawa na may pananampalataya at pagtitiwala, sapagkat hindi kailanman darating ang oras na kayo ay aking iiwan.

Sa atin din ay ibinibigay ang pangako tungkol sa nananatiling presensya ni Kristo. Ang paglipas ng panahon ay walang ginawang pagbabago sa Kaniyang iniwang pangako. Kasama rin natin Siya ngayon kung paanong tunay Siyang kasama ng mga alagad noon, at makakasama natin Siya "maging hanggang sa katapusan."

"Magsiyaon kayo sa pangangaral ng ebanghelyo sa lahat ng mga bansa," ang sabi ng Tagapagligtas sa atin, "upang sila ay maging mga anak ng Diyos. Ako ay kasama ninyo sa gawaing ito, na nagtuturo, gumagabay, umaaliw, nagpapalakas sa inyo, na nagbibigay sa inyo ng tagumpay sa inyong gawain ng pagtanggi sa sarili at pagsasakripisyo. Aking kikilusin ang mga puso, ipadadama sa kanila ang bigat ng kasalanan, at ibabaling ang mga ito mula sa kadiliman patungo sa liwanag, mula sa pagsuway patungo sa katuwiran. Sa Aking ilaw makikita nila ang liwanag. Makakatagpo ka ng pagsalungat ng mga ahensya ni Satanas, subali't ilagak ang inyong pagtitiwala sa Akin. Hindi ko kayo bibiguin."

Hindi ba ninyo naiisip na pinahahalagahan ni Kristo ang mga nabubuhay nang lubos para sa Kaniya? Hindi ba ninyo naiisip na dinadalaw Niya ang mga taong, tulad ng iniibig na si Juan, na para sa Kaniya ay nasa mahirap at maraming pagsubok na kalagayan? Hinahanap Niya ang Kaniyang mga matapat, at nakikipag-ugnayan sa kanila, pinasisigla at pinalalakas sila. At ang mga anghel ng Dios, na nakakahigit sa lakas, ay ipinapadala ng Dios upang maglingkod sa Kaniyang mga manggagawang tao nagpapahayag ng katotohanan sa mga hindi pa nakakaalam nito.

Sa mga lingkod ng ebanghelyo na binigyan ng Dios ng gawaing gabayan patungo kay Cristo ang mga taong naliligaw mula sa makitid na daan. Siya ay dapat maging matalino at masigasig sa kaniyang mga pagsisikap. Sa pagtatapos ng bawat taon dapat siyang tumingin pabalik at tingnan ang mga kaluluwang nailigtas bilang resulta ng kaniyang mga pagpapagal. Ang ilan ay dapat niyang iligtas na may takot, "na inaagaw sa apoy; na inyong kapootan pati ng damit na nadungisan ng laman," "na pinanghahawakang mahigpit ang tapat na salita na ayon sa turo." Judas 23; Tito 1: 9. Ang utos ni Pablo kay Timoteo ay para rin sa mga ministro ngayon: "Ipinagbibilin ko sa iyo sa paningin ng Dios, at ni Cristo Jesus; . . . Ipangaral mo ang salita; magsikap ka sa kapanahunan, at sa di kapanahunan, sumawata ka, sumaway ka, mangaral ka na may buong pagpapahinuhod at pagtuturo." 2 Timoteo 4: 1, 2.

Hindi lamang sa mga nangangaral ng Salita inilalagay ng Dios ang tungkuling magsikap na mailigtas ang mga makasalanan. Ibinibigay Niya ang gawaing ito sa lahat. Ang ating mga puso ay dapat na mapuspos ng pag-ibig ni Cristo upang ang mga salita ng ating pagpapasalamat ay makapagpainit ng mga puso ng iba. Ito ay paglilingkod na maaaring gawin ng lahat, at tinatanggap ito ng Panginoon bilang paglilingkod sa Kaniya mismo. Ginagawa niya itong mabisa, na nagbibigay sa masigasig na manggagawa ng biyaya ng muling pakikipagkasundo ng tao sa Dios.

Nawa'y tulungan ng Panginoon ang Kaniyang bayan na maunawaang may mahalagang gawaing dapat isakatuparan. Nawa'y tulungan Niya silang alalahanin na sa tahanan, sa iglesia, at sa sanlibutan ay dapat nilang gampanan ang mga gawain ni Cristo. Hindi sila iniwang gumawa nang nag-iisa. Ang mga anghel ang kanilang katuwang. At si Kristo ang kanilang kaagapay. Kaya hayaan silang gumawa nang may katapatan at kasigasigan. Sa takdang panahon ay mag -aani sila kung hindi sila manglulupaypay.3

## Mga Misyonerong May Panustos sa Sarili

Sa maraming dako, ang mga

misyonerong may kakayanang suportahan ang kanilang mga sarili ay maaaring gumawa nang matagumpay. Bilang isang misyonerong may kakayanang sumuporta sa sarili si Apostol Pablo ay gumawa sa pagpapalaganap ng kaalaman patungkol kay Kristo sa buong sanlibutan. Habang araw-araw na nagtuturo ng ebanghelyo sa mga malalaking lungsod ng Asya at Europa, siya ay naghahanap-buhay bilang isang bihasang manggagawa upang tustusan ang kaniyang sarili at ang kaniyang mga kasamahan. Ang kaniyang pamamaalam sa mga matatanda ng Efeso, na nagpapakita ng kaniyang pamamaraan ng paggawa, ay may mahahalagang mga aral para sa bawat manggagawa ng ebanghelyo:

"Nalalaman ninyo," sinabi niya, "na mula nang unang araw na ako'y tumungtong sa Asia, kung paano ang pakikisama ko sa inyo sa buong panahon: . . . Kung paanong hindi ko ikinait na ipahayag sa inyo ang anomang bagay na pakikinabangan, at hayag na itinuro sa inyo, at sa mga bahay-bahay. . . Hindi ko inimbot ang pilak ninoman, o ang ginto, o ang pananamit. Nalalaman din ninyo na ang mga kamay na ito ay nangaglilingkod sa mga kinakailangan ko, at sa aking mga kasamahan. Nagbigay halimbawa ako sa inyo sa lahat ng mga bagay, na sa ganitong pagpapagal ay dapat kayong magsisaklolo sa mahihina, at alalahanin ang mga salita ng Panginoong Jesus, na siya rin ang may sabi, Lalo pang mapalad ang magbigay kay sa tumanggap." Mga Gawa 20:18–35.

Marami sa ngayon, kung puspos ng parehong espiritu ng pagsasakripisyo sa sarili, ay maaaring gumawa ng gawain sa kaparehong paraan. Hayaan ang dalawa o higit pa na magsimula nang magkasama sa gawaing pang-ebanghelista. Hayaan silang dalawin ang mga tao, na nananalangin, umaawit, nagtuturo, nagpapaliwanag ng banal na mga kasulatan, at naglilingkod sa mga may sakit. Ang ilan ay maaaring tustusan ang kanilang sarili bilang mga canvasser; ang iba, tulad ng apostol, ay maaaring magtrabaho sa ilang pagawaan o sa iba pang mga uri ng gawain. Habang sumusulong sila sa kanilang gawain, na nauunawaan ang kanilang kawalang kakayahan, subali't mapagpakumbabang umaasa sa Dios, sila'y nagtatamo ng isang mapalad na karanasan. Ang Panginoong Jesus ay nangunguna sa kanila, at sa mga mayayaman at mahihirap ay nakakasumpong sila ng biyaya at tulong.

Ang mga sinanay para sa gawaing misyonerong panggagamot sa mga banyagang bansa ay dapat hikayating agad tumungo kung saan sila inaasahang maglingkod, at magsimulang gumawa sa mga tao, na natututunan ang wika habang sila ay gumagawa. Sa lalong madaling panahon maaari nilang ituro ang mga simpleng katotohanan ng Salita ng Diyos.

Sa buong sanlibutan, kinakailangan ang mga mensahero ng awa. May panawagan para sa mga pamilyang Kristiyano na pumunta sa mga komunidad na nasa kadiliman at kamalian, upang pumunta sa mga banyagang lugar, upang mabatid ang mga pangangailangan ng kanilang mga kapwa-tao, at gumawa para sa layunin ng Panginoon. Kung ang gayung mga pamilya ay maninirahan sa madidilim na dako ng mundo, mga lugar kung saan ang mga tao ay nababalot ng espirituwal na kapanglawan, at hayaan ang liwanag ng buhay ni Kristo na lumiwanag sa kanila, napakadakilang gawain ang maaaring maisakatuparan.

Ang gawaing ito ay nangangailangan ng pagsasakripisyo sa sarili. Habang ang marami ay naghihintay na maalis ang bawat balakid, ang gawaing maaari sana nilang gawin ay napapabayaan, at napakarami ang namamatay nang walang pag-asa at walang Dios. Ang ilan para sa pakinabang sa pakikipagkalakalan, o sa pagnanais na makakuha ng kaalaman sa siyensiya, ay nakikipagsapalaran sa mga liblib na mga rehiyon at masayang tinitiis ang sakripisyo at paghihirap; subali't kakaunti ang handang ilipat ang kanilang pamilya para sa kapakanan ng kanilang mga kapwa tao sa mga rehiyon na nangangailangan ng ebanghelyo.

Ang maabot ang mga tao, nasaan man sila, at anuman ang kanilang katayuan o kalagayan, at upang matulungan sila sa lahat ng posibleng paraan—ito ay ang tunay na paglilingkod. Sa pamamagitan ng gayong pagsisikap maaari ninyong makuha ang mga puso at mabuksan ang pintuang daan para sa mga kaluluwang nalalapit sa kapahamakan.

Sa lahat ng inyong gawain tandaan na ikaw ay nakatali kay Cristo, isang bahagi ng dakilang plano ng pagtubos. Ang pag-ibig ni Cristo, na nagpapagaling, nagbibigay buhay na agos, ay dapat dumaloy sa inyong buhay. Habang sinisikap mong ilapit ang iba sa loob ng nasasaklaw ng Kaniyang pag-ibig, hayaan ang kadalisayan ng inyong pananalita, ang pagiging hindi makasarili sa inyong paglilingkod, ang kasiyahan ng inyong pag-uugali, ay magpatotoo sa kapangyarihan ng Kaniyang biyaya. Ibigay sa sanlibutan ang pinakadalisay at matuwid na paglalarawan sa Kaniya, upang makita Siya ng mga tao sa Kaniyang kagandahan.

Walang gaanong pakinabang ang subukang baguhin ang iba sa pamamagitan ng pagbatikos sa

mga gawing itinuturing nating mali. Ang ganitong pagsisikap ay kadalasang nagreresulta sa mas maraming pinsala kaysa sa mabuti. Sa Kaniyang pakikipag-usap sa babaeng Samaritano, sa halip na hamakin ang balon ni Jacob, ipinakita ni Kristo ang isang bagay na mas mainam. " Kung napagkikilala mo ang kaloob ng Dios," sinabi Niya, "at kung sino ang sa iyo'y nagsasabi, Painumin mo ako; ikaw ay hihingi sa kaniya, at ikaw ay bibigyan Niya ng tubig na buhay." Juan 4:10. Ibinaling Niya ang pag-uusap sa kayamanang nais Niyang ipagkaloob, na nag-aalok sa babae ng isang bagay na higit kaysa sa kanyang taglay, ang tubig na buhay, ang kagalakan at pag-asa ng ebanghelyo.

Ito ay isang paglalarawan ng paraan kung paano tayo dapat gagawa. Dapat nating ialok sa mga tao ang isang mas mabuting bagay kaysa sa kanilang taglay, ang kapayapaan ni Cristo, na di masayod ng pagiisip. Dapat nating ipahayag sa kanila ang tungkol sa banal na kautusan ng Dios, ang saktong kopya ng Kaniyang katangian, at kapahayagan ng nais Niyang mangyari sa kanila. Ipakita sa kanila kung gaanong lubos na nakahihigit sa panandaliang kagalakan at kasiyahan ng sanlibutan ang walang hanggang kaluwalhatian ng langit. Sabihin sa kanila ang tungkol sa kalayaan at kapahingahan na matatagpuan sa Tagapagligtas. "Ang sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailan man;," ipinahayag Niya. Talatang 14.

Itaas si Jesus, na sumisigaw, " Narito, ang Cordero ng Dios, na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan!" Juan 1:29, A.R.V. Siya lamang ang makatutugon sa pananabik ng puso at makapagbibigay ng kapayapaan sa kaluluwa.

Sa lahat ng mga tao sa sanlibutan, ang mga repormador ang dapat na pinaka-hindi makasarili, ang pinaka-mabait, ang pinaka magalang. Sa kanilang buhay ay dapat makita ang totoong kabutihan ng mga hindi makasariling gawa. Ang manggagawa na nagpapakita ng kakulangan sa kagandahang-asal, madaling mawalan ng pasensya sa kamangmangan o pagpapasaway ng iba, nagsasalita nang padalus-dalos o kumikilos nang hindi maingat, ay maaaring magsara ng pintuan ng mga puso kaya't hindi na niya maaabot ang mga ito.

Kung paanong ang hamog at ang banayad na mga ambon ay pumapatak sa mga nalalantang halaman, gayon din dapat na ang mga salita ay bigkasin nang malumanay kapag sinisikap na sagipin ang mga tao mula sa pagkakamali. Ang plano ng Dios ay abutin muna ang puso. Dapat nating ipahayag ang katotohanan na may pag-ibig, na may pagtitiwala sa Kaniya na bigyan ito ng kapangyarihan para sa pagbabago ng búhay. Ang Banal na Espiritu ang mag-uudyok sa kaluluwa ng mga salitang ipinahahayag na may pag -ibig.

Likas sa atin ang pagiging nakasentro sa sarili at iginigiit ang sariling pananaw. Subali't kapag natutunan natin ang mga aral na nais ni Kristo na ituro sa atin, tayo ay nagiging kabahagi ng Kaniyang likas; mula sa panahong iyon ay isinasabuhay natin ang Kaniyang buhay. Ang kamangha-manghang halimbawa ni Cristo, ang walang kapantay na pagkahabag na ipinadama Niya sa damdamin ng iba, na tumatangis kasama ng mga tumatangis, nakikigalak sa mga nagagalak, ay dapat magkaroon ng malalim na impluwensya sa pag-uugali ng lahat na sumusunod sa Kaniya ng may katapatan. Sa pamamagitan ng mabubuting mga salita at gawa ay susubukan nilang gawing madali ang landas para sa napapagod na mga paa.4

**References:**


1 Prophets and Kings, pp. 221, 222.
2 The Review and Herald, July 29, 1902.
3 Testimonies for the Church, vol. 8, pp. 14–18.
4 The Ministry of Healing, pp. 154–157.



SABADO, DISYEMBRE 6, 2025

# MALAPIT SA PUGON NG APOY

NI MIGUEL MENDOZA – AUSTRALIA

## Panimula

"Ang ating mga tahanan ay dapat gawing Bethel, kung saan ang ating mga puso ay dambana. Kung ang pag -ibig ng Dios ay pinahahalagahan sa kaluluwa, magkakaroon ng kapayapaan, magkakaroon ng liwanag at kagalakan. Nais ni Jesus na makita ang masayang pagsasama ng mag-asawa, at mainit na samahan sa tahanan."1

Noong mga taong 1800, sa Amerika, ang pugon ng apoy (fireside) ay isang pangunahing bahagi ng buhay sa tahanan, lalo na sa panahon bago ang modernong pagpapainit o kuryente. Ito ay kung saan nagtitipon ang mga pamilya para sa pagpapainit, liwanag, at pakikipag-ugnayan. Ginagamit ni Sister White ang pahayag na "by the fireside" upang bigyang-diin ang personal, pang-relasyon, at pang-espirituwal na pakikipag-ugnayan sa isang sitwasyon na agad na makikilala ng kaniyang tagapakinig bilang pagkaraniwan at makabuluhan. Kaya, para sa kaniya, masasabi natin, na ang "malapit sa pugon ng apoy" ay hindi lamang isang pisikal na lugar; ito ay isang simbolo ng pagiging malapit, pagtitiwala, at pagkakataon upang maghikayat upang turuan ang mga sambahayan na mamuhay ayon sa liwanag na ibinigay ng Dios sa Kaniyang bayan at ibahagi ito sa lahat na nasa sanlibutan. Ngayon, habang nasa isip ito, isaalang-alang natin ang ating paksa para sa ngayon at matuto mula sa iba't ibang mga aralin na makukuha natin mula sa Salita ng Dios at sa panulat ng Kinasihan.

## Sa Pagkabata

Sa aking pagkabata, kahit na malamig ang aking bayan sa halos buong taon, wala kaming pugon ng apoy (fireplace) tulad nito. Subali't naalala ko na ang aming tahanan ay naging lugar kung saan maaari kaming magtipon na parang kami ay "malapit sa pugon ng apoy" sa oras ng pagsamba at iba pang mga okasyon at gumugugol ng ilang sandali na pinupuri ang Panginoon at pinag-aaralan ang Kaniyang Salita. Ang aking ina ay aking naaalala na nagbabahagi sa amin ng mga mahahalagang aral sa buhay na may pag-ibig. Nais niyang sundin ang tagubilin na matatagpuan sa Kawikaan 22: 6, "Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan."



Malinaw kong nakikita sa aking personal na karanasan na ang mga aral na iyon ay napakahalaga upang ako ay matulungang gumawa ng mga pagpapasya kung susundin ko ang Panginoon o hindi. Ako ay nagpapasalamat sa Panginoon sa Kaniyang Salita at sa mga pangako na matatagpuan dito.

"Sa pagkabata at pagiging kabataan ang ugali ay napakadaling mahubog. Ang kapangyarihan ng pagpipigil sa sarili ay dapat taglayin. "Malapit sa pugon ng apoy" at sa lupon ng pamilya, ay nagkakaroon ng mga impluwensya na ang mga resulta ay magpapatuloy sa walang-hanggan. Higit sa anumang likas na kaloob, ang mga gawi na nahubog sa murang edad ay magpapasya kung ang isang tao ay magiging matagumpay o matatalo sa labanan ng buhay."2

## Sina Abraham at Sara

Naririnig na natin ang tungkol kay Abraham, ang kaniyang pananampalataya, ang kaniyang mga kapintasan at maging ang pakikitungo niya sa mga nasa loob ng kaniyang tahanan—at kabilang na ang mga taong gumagawa para sa kaniya, ang mga lingkod niya. Siya ay tumanggap ng pangako mula sa Diyos: "At pagpapalain ko ang mga magpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo: at pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa" (Genesis 12: 3). Bakit ang lahat ng mga pamilya sa mundo ay pagpapalain dahil sa kaniya? Dahil sa pamamagitan ng kaniyang kaugnayan kay Cristo, siya ay nagbigay ng halimbawa ng pagsunod sa tinig ng Dios, ayon sa mababasa natin sa Genesis 26: 5, "Sapagka't sinunod ni Abraham ang aking tinig, at ginanap ang aking bilin, ang aking mga utos, ang aking mga palatuntunan at ang aking mga kautusan." Hindi lamang iyon, kundi kaniyang tinuturuan at ginagabayan ang kaniyang pamilya sa mga daan ng Panginoon na nagpapatotoo, "Sapagka't siya'y aking kinilala, upang siya'y magutos sa kaniyang mga anak at sa kaniyang sangbahayan pagkamatay niya, na maingatan nila ang daan ng Panginoon, na gumawa ng kabanalan, at kahatulan; upang padatnin ng Panginoon, kay Abraham ang kaniyang ipinangako tungkol sa kaniya." (Genesis 18:19). Gayunpaman, hindi siya nag-iisa sa gawaing ito. Si Sara, na kaniyang asawa, ay kasama niya at pareho silang gumawa ng isang mahusay na gawain "sa tahanan" dahil tinuruan nilang mabuti ang bawat isa sa kanilang tahanan habang naglalakbay sila sa lupang pangako: "Kabilang sa mga ito ay maraming naakay dahil sa mas mataas na pagsasaalang-alang kaysa sa paglilingkod at pansariling kapakinabangan. Sa kanilang pananatili sa Haran, kapwa sina Abraham at Sara ay nanguna sa iba sa pagsamba at paglilingkod sa totoong Dios. Inilakip ng mga ito ang kanilang mga sarili sa sambahayan ng patriarka, at sinamahan siya sa lupang pangako."[3] Mula sa karanasan nina Abraham at Sara sa paggawang magkasama para sa Kaharian ng Diyos, malinaw na kapansin-pansin na parehong ang ama at ina ay may mahalagang papel sa pagtuturo sa kanilang sambahayan sa mga daan ng Panginoon.

## Mga Magulang at mga Pamilya

Sa aking paglilingkod, sa iba't ibang mga pagkakataon, habang dumadalaw sa mga pamilya, ako ay nakikilahok sa mga oras ng pagsamba kasama nila "malapit sa pugon ng apoy." Napakagandang pagmasdan ang kasigasigan at ang pagsisikap na ginagawa ng mga magulang upang magkaroon ng mahalagang oras na ito bilang isang pamilya. Ito ay isang pagpapala ang manalangin, magpuri, at magbasa nang sama-sama, maglaan ng takdang oras upang magkakasamang sambahin ang ating Panginoon at magkaroon ng malalim na pag-uusap tungkol sa espirituwal na mga bagay. Sa gayon tinutupad nila ang kanilang tungkulin na itaas ang watawat na nabahiran ng dugo ni Emmanuel laban sa mga palaso ng kaaway. Mahalagang tandaan na ang pamilya ay ang pinakamainam na larangan

Dito, sa gawaing ukol sa Panginoon, tayo'y hinihikayat na abutin ang mga tao sa mga dako kung saan sila ay panatag, sa kanilang mga tahanan, at gamitin ang sagradong pagkakataong iyon upang ibahagi ang pananampalataya. Ang "malapit sa pugon ng apoy" ng tahanan ay nangangahulugan ng isang payapa at personal na pakikiharap, taliwas sa pormal na pangangaral o pampublikong pakikipagtalo.

ng gawain ng misyonero.

"Dapat kausapin ng mga magulang ang kanilang maliliit na anak tungkol kay Jesus, at sa plano ng kaligtasan. Dapat nilang ihabi ang mga mahahalagang aral sa buhay at katangian ni Cristo sa isipan ng kanilang mga anak upang maaari silang maging mga tagasunod ni Cristo at tagapagmana ng buhay na walang hanggan. Madalas nating pag-usapan ang tungkol sa gawain sa banyagang lugar, subali't ang gawain sa tahanan ay napapabayaan. Ang pinakamahalagang misyon ay nasa mismong "malapit sa pugon ng apoy" na nasa inyong tahanan, at ang malaking pangangailangan ay ang mga ama at ina sa Israel. Kapag sinimulang maunawaan ng mga magulang ang napakalaking tungkulin na nakasalalay sa kanila, gagampanan nila ang gawaing ito ng misyon sa loob ng tahanan, at gagabayan ang kanilang mga anak upang maging handa sa langit. Tuturuan nila ang kanilang maliliit na mga anak ng mga bawat bilin, at bawat utos."4 "Ang ating gawain para kay Cristo ay dapat magsimula sa pamilya sa tahanan. Ang edukasyon ng kabataan ay kailangang naiiba mula sa nakasanayan sa nakaraan. Ang kanilang kapakanan ay humihingi ng higit na pagsisikap kaysa sa ibinibigay sa kanila. Walang ibang larangan ng misyonero na mas mahalaga kaysa dito. Sa pamamagitan ng aral at halimbawa ang mga magulang ay dapat magturo sa kanilang mga anak na gumawa para sa mga hindi pa nahihikayat. Ang mga bata ay dapat na maturuan ng gayon upang sila ay magmalasakit sa mga matatanda at napipighati at sikaping pagaanin ang mga paghihirap ng mga dukha at nababalisa. Dapat silang turuan na maging masigasig sa gawaing misyonero; at mula sa kanilang murang edad ang pagtanggi sa sarili at sakripisyo para sa ikabubuti ng iba at ang pagsulong ng gawain ni Kristo ay dapat ikintal, upang sila ay maging mga kamanggagawa ng Dios.

"Subali't kung nais nilang matutunan ang gumawa ng tunay na gawaing misyonero para sa iba, dapat muna nilang matutunan ang paglilingkod sa mga nasa tahanan, na may likas na karapatang tumanggap ng kanilang pag-ibig. Ang bawat bata ay dapat sanaying gampanan ang kani-kaniyang bahagi ng paglilingkod sa tahanan. Hindi niya dapat ikahiya na gamitin ang kaniyang mga kamay sa pagbubuhat ng mga pasanin sa tahanan o ng kaniyang mga paa sa pagtakbo kapag inuutusan. Habang sa gayon ay nakikibahagi siya, hindi siya mapupunta sa mga landas ng pagpapabaya at kasalanan. Gaano karaming oras ang nasasayang ng mga bata at kabataan na maaaring gugulin sa pagpasan sa kanilang malalakas na bata pang mga balikat, at pagtulong sa pagbuhat, ng mga tungkulin sa pamilya na dapat dalhin ng isang tao, na sa gayon ay nagpapakita ng isang mapagmahal na pagmamalasakit sa ama at ina. Dapat ding maitanim ang totoong mga prinsipyo ng reporma sa kalusugan at ang pangangalaga ng kanilang sariling mga katawan."5

Gayunpaman, "sa marami ang bukiring ito ng tahanan ay kahiya-hiyang lubos na napapabayaan, at ito na ang panahon upang ang mga banal na mapagkukunan at mga panglunas ay ipinapahayag, upang ang masamang kalagayang ito ay maaring maituwid. Anong pagdadahilan ang maaaring maibigay ng mga nag-aangking tagasunod ni Cristo para sa pagpapabayang turuan ang kanilang mga anak na gumawa para sa Kaniya?"6

Mga minamahal na magulang, sa loob ng ating mga tahanan, ang ating mga kabataan ay may kinakailangang natatanging pag-aaruga, sapagkat ating nakikita na ang mga kasamaan ng sanlibutan ay lalong lumalala. "Ang dambuhalang kasamaan ng kawalan ng pagpipigil ay gumagawa ng kaniyang mapaminsalang gawa sa ating lupain. Si Satanas ay may mga kinatawan sa lahat ng dako, mga kasangkapan sa kaniyang mga kamay, upang akitin at iligaw sa kapahamakan ang ating mga kabataan. Hindi ba't nararapat na ang tinig ng babala ay marinig mismo "malapit sa pugon ng apoy" sa ating sariling tahanan? Hindi ba't dapat tayong, sa pamamagitan ng aral at halimbawa, ay manguna sa ating mga kabataan upang kanilang hangaring maabot ang mga dakilang tagumpay, na magkaroon ng marangal na adhikain at banal na layunin? Ang gawaing ito ay hindi magaan, o maliit na gawain; subali't ito'y gawaing may dakilang gantimpala. Ang isang kabataan na naturuan nang wasto sa loob ng tahanan ay maglalagay ng matitibay na haligi sa pagbubuo ng kaniyang pagkatao; at sa pamamagitan ng kaniyang halimbawa at pamumuhay, kung kaniyang magagamit nang tama ang kaniyang mga kakayahan, siya'y magiging isang kapangyarihan sa sanlibutan upang akayin ang iba paitaas at pasulong sa landas ng katuwiran. Sapagkat ang kaligtasan ng isang kaluluwa ay siyang kaligtasan din ng marami pang mga kaluluwa."7

## Mga manggagawa ng Ebangelio

Sa aklat na Evangelism, halimbawa, ang sugo ng Panginoon ay gumagawa ng ganitong panawagan: "Sa lahat ng nakikibahagi sa gawain ni Cristo, aking sinasabi, Saan mang lugar kayo magkaroon ng pagkakataon na makalapit sa mga tao "malapit sa pugon ng apoy" sa kanilang tahanan, gamitin ninyo ang pagkakataong yaon. Kunin ninyo ang inyong Biblia, at buksan sa kanila ang mga dakilang katotohanan nito."[8] Dito, sa gawaing ukol sa Panginoon, tayo'y hinihikayat na abutin ang mga tao sa mga dako kung saan sila ay panatag—sa kanilang mga tahanan—at gamitin ang sagradong pagkakataong iyon upang ibahagi ang pananampalataya. Ang "malapit sa pugon ng apoy" ng tahanan ay nangangahulugan ng isang payapa at personal na pakikiharap, taliwas sa pormal na pangangaral o pampublikong pagtatalo. Isang



“Ngayon, ngayon, ngayon ang pinakamainam na panahon upang tayo’y gumawa. Ang personal na pagdalaw ay napakahalaga. Dahil sa pag-ibig kay Jesu-Cristo at sa pag-ibig sa mga kaluluwa ng tao, ang katotohanan ay dapat dalhin sa bawat sambahayan, pinag-uusapan “malapit sa pugon ng apoy” sa bawat sa tahanan (fireside) na maaari ninyong marating.”

puso-sa-pusong pakikitungo ang hinihikayat sa pagpapalaganap ng mensahe ng Dios—isang pamamaraang lubos na naaayon sa malawak na diwa ng praktikal na pagiging-Kristiyano at personal na ministeryo.

Isa pang mahalagang panawagan sa ating mga nakikibahagi sa ministeryo at sa gawaing pang-Biblia: “Mga kapatid ko sa ministeryo, buksan ninyo ang inyong mga pintuan sa mga kabataang lalaki na nalalantad sa mga tukso. Lapitan ninyo sila sa pamamagitan ng personal na pagsisikap. Sa lahat ng panig ay inaanyayahan sila ng kasamaan. Sikapin ninyong pukawin ang kanilang interes sa mga bagay na makatutulong upang sila’y mamuhay ng isang mataas at marangal na buhay. Huwag ninyong ilayo ang inyong mga sarili sa kanila. Dalhin ninyo sila sa inyong tahanan; anyayahan ninyo silang makisama sa inyo sa paligid ng dambanang pampamilya. Alalahanin natin ang pag-aangkin ng Dios sa atin, na ating gawing maliwanag at kaakit-akit ang landas patungo sa langit.”9

“Aking nakita na ang mga ministro na nangangaral ng salita at doktrina ay may dakilang gawain sa harapan nila, at isang mabigat na tungkulin ang nakaatang sa kanila. Aking nakita na sa kanilang paggawa ay hindi sila lubos na lumalapit sa mga puso ng mga tao. Ang kanilang gawain ay madalas na pangkalahatan at kalat-kalat. Ang kanilang pagpapapagal ay kailangang ituon mismo sa mga kaluluwang kanilang pinaglilingkuran. Kapag sila’y nangangaral sa pulpito, doon pa lamang nagsisimula ang kanilang gawain. Dapat nilang isabuhay ang kanilang ipinangangaral, at laging bantayan ang kanilang mga sarili upang sila’y huwag maging sanhi ng kahihiyan sa gawain ng Diyos. Dapat nilang ipakita sa pamamagitan ng halimbawa ang buhay ni Cristo. 1 Corinto 3:9 “Sapagka’t tayo ay mga kamanggagawa ng Dios.” 2 Corinto 6:1 “At yamang kami’y mga manggagawang kasama niya, ay ipinamamanhik din namin sa inyo na huwag ninyong tanggapin ang biyaya ng Diyos na walang kabuluhan.” Ang gawain ng ministro ay hindi pa natatapos kapag siya’y bumaba na sa pulpito. Hindi niya dapat talikuran ang pasanin at gawing abala ang kaniyang isipan sa pagbabasa o pagsusulat, maliban kung talagang kinakailangan; kundi dapat niyang isulong ang kaniyang pampublikong gawain sa pamamagitan ng mga personal na pagsisikap—na gumawa nang personal para sa mga kaluluwa tuwing may pagkakataon—nakikipag-usap “malapit sa pugon ng apoy” sa mga tahanan, namamanhik at nakikiusap sa mga kaluluwa sa ngalan ni Cristo na sila’y makipagkasundo sa Dios. Ang ating gawain dito sa lupa ay malapit nang magtapos, “At ang bawa't isa ay tatanggap ng kaniyang sariling kagantihan ayon sa kaniyang sariling pagpapagal.”10

“Ang paggawang ito “malapit sa pugon ng apoy” sa tahanan, ang gawaing ito sa loob ng tahanan, ay may natatanging tagumpay. Subukan ninyo ito, mga kapatid sa ministeryo. Ang ilan sa ating mga ministro ay hindi ibig sa ganitong uri ng gawain; iniiwasan nila ito. Sapagka’t may dalang krus ang ganitong personal na pagsisikap; gayunman, ito ang gawain na kailangang-kailangan ng mga tao kung ibig nilang yakapin ang katotohanang hindi kinikilala ng karamihan. Sa ganitong malapit na pakikipag-ugnayan sa mga kaluluwang nasa kadiliman, ang ating liwanag ay sisinag nang mas epektibo—direktang tumatama sa kadiliman—at kanilang makikita, sa ating ugali, sa ating pananalita, at sa ating taimtim ngunit masaya, magalang na pakikitungo, na ang biyaya ng Dios ay sumasaatin, at ang kapayapaan ng langit ay nadadala sa kanilang mga tahanan. Sila’y maaakit sa katotohanang kalakip ang gayong mga mabubuting resulta.”11

Ang sumusunod na sipi ay bahagi ng mga pahayag na ibinigay sa mga ministro na nagkatipon sa General Conference sa Battle Creek, Michigan,

sa kanilang pagpupulong sa umaga noong ika-9 ng Nobyembre, taong 1883: "Kay dakila ng banal na pagtitiwala ang ipinagkaloob sa atin ng Dios, sa pagtatalaga sa atin bilang Kaniyang mga lingkod upang tumulong sa gawaing pagliligtas ng mga kaluluwa. Sa atin ay ipinagkatiwala Niya ang mga dakilang katotohanan—isang pinakabanal at sumusubok na mensahe para sa sanlibutan. Ang ating tungkulin ay hindi lamang mangaral, kundi maglingkod—lumapit sa mga puso, at gumawa ng mga personal na pagsisikap "malapit sa pugon ng apoy" sa tahanan. Dapat nating gamitin ang mga kaloob na ipinagkatiwala sa atin nang may kasanayan at karunungan, upang maipakita natin ang mahalagang liwanag ng katotohanan sa paraang kaaya-aya, at sa pinaka-epektibong paraan upang maakay ang mga kaluluwa kay Cristo."12

## Mga Kristiyanong lubos ang pagtatalaga

Ibinigay ng Panginoong Jesus sa Kaniyang bayan ang isang utos na nararapat kaagad sundin. Ating mababasa sa Mateo 28:19–20: "Kaya't magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. Siya nawa." Ito ay isang dakilang pribilehiyo—na makarinig at tugunan ang mga salitang ito. "Hindi kalooban ng Dios na ang mga ministro lamang ang gumawa ng pinakamaraming bahagi sa paghahasik ng mga binhi ng katotohanan. Ang mga taong hindi natawagan sa ministeryong pang-ebanghelyo ay dapat na hikayatin na gumawa para sa Panginoon ayon sa kanilang kakayahan. Daan-daang mga kalalakihan at kababaihan ang ngayo'y walang ginagawa ay maaaring makagawa ng katanggap-tanggap na paglilingkod. Sa pamamagitan ng pagdadala ng katotohanan sa mga tahanan ng kanilang mga kapitbahay at mga kaibigan, makagagawa sila ng dakilang gawain para sa Panginoon. Sapagka't ang Dios ay hindi nagtatangi ng mga tao. Gagamitin Niya ang mga mapagpakumbaba at matapat na mga Cristiano na may pag-ibig sa katotohanan sa kanilang mga puso. Ang gayong mga kaluluwa ay dapat na makisangkot sa Kaniyang gawain sa pamamagitan ng paggawa ng bahay-bahay na ministeryo. Maupo "malapit sa pugon ng apoy" sa tahanan, ang gayong mga tao—kung sila'y mapagpakumbaba, mahinahon, at maka-Diyos—ay makagagawa ng higit upang tugunan ang tunay na pangangailangan ng mga sambahayan kaysa sa isang ministro."[13] Para sa bawat isa na nakikibahagi sa ganitong mahalagang gawain, ang "malapit sa pugon ng apoy" sa tahanan ay nagiging parang totoong entablado upang ibahagi ang ebanghelyo at ang mga aral ukol sa pamilya, pananampalataya, at pag-abot sa kapwa. "Ang pagpapahayag ng katotohanan sa pag-ibig at sa kasimplehan, mula sa bahay-bahay, ay kaayon ng tagubilin ni Cristo sa Kaniyang mga alagad nang sila'y isugo Niya sa kanilang unang paglalakbay bilang mga misyonero. Sa pamamagitan ng mga awit ng papuri, ng mga mapagpakumbabang dalanging mula sa puso, marami ang maaabot. Ang banal na Manggagawa ay naroroon sa kanila upang magdala ng paghihikayat sa mga puso. 'Ako'y sumasa inyong palagi,' ang Kaniyang pangako. At sa katiyakan ng presensya ng gayong Katuwang, maaari tayong maglingkod nang may pananampalataya, pag-asa, at lakas ng loob."[14] Kaya, nais mo bang ikaw ay gamitin ng Diyos bilang isang mapagpakumbabang kasangkapan upang akayin ang iba sa paanan ng krus?

"Isa sa mga pinaka-mabisang paraan upang maiparating ang liwanag ay sa pamamagitan ng tahimik na personal na pagsisikap. Sa loob ng tahanan, "malapit sa pugon ng apoy" (fireside) ng inyong kapuwa, sa tabi ng higaan ng maysakit—sa isang mahinahong paraan—maaari mong basahin ang mga Kasulatan at magpahayag ng ilang salita para kay Jesus at sa katotohanan. Sa gayon, ikaw ay makapaghahasik ng mga mahalagang binhi na sa takdang panahon ay tutubo at magbubunga."15

## Panawagan ng Dios

Gaya ng ating pinag-aralan ngayon, may isang mahalagang gawaing dapat isagawa "malapit sa pugon ng apoy," (by the fireside) maging ito man ay sa ating sariling tahanan o sa tahanan ng iba. Bilang iglesia, kinakailangan nating maunawaan na ang espirituwal na gawain ay hindi lamang nagaganap sa loob ng iglesia—ito'y higit na mabisa sa araw-araw na personal na sandali. Sa ganitong pag-unawa, ang "malapit sa pugon ng apoy" sa tahanan (fireside) ay nagiging isang mahalagang dako para sa pagpapatibay ng mga relasyon at sa paghahasik ng mga binhi ng pananampalataya at katotohanan, na malayo sa pagiging pormal o malamig na kapaligiran. Minamahal na pamilya ng Reform Movement, hingin natin sa Panginoon na buksan ang ating mga isipan at mga puso upang matanggap ang mensaheng ito—at dalhin sa ating mga tahanan ang panawagang inihahandog Niya para sa inyo at para sa akin habang tinatapos natin ang paksang ito:

"Ang Panginoon ay magsisiyasat kung paano natin ginamit ang mga kaloob na ipinagkatiwala Niya sa atin. Binayaran Niya ang kabayaran ng kasalanan sa pamamagitan ng Kaniyang sariling dugo—ng Kaniyang pagtanggi sa sarili at pagsakripisyo at pagtitiis—upang matamo ang kusang-loob na paglilingkod ng bawa't kaluluwa bilang mga kamanggagawa ng Dios. Kung lahat lamang ay makadarama ng kanilang pananagutan sa

Dios, at gagamitin nang matalino ang mga kaloob at kakayahang ipinagkatiwala sa kanila, kay dakilang bunga ang maihahandog sa Dios sa pamamagitan ni Jesu-Cristo! Sapagkat ang isang kaloob ay maaaring lumago at dumami sa pamamagitan ng matapat na paggamit nito. Ang tila pinakamaliit na kaloob, ang pinaka-mababang paglilingkod, ay maaaring makaabot sa mga isipan at makaantig sa mga puso na hindi kayang abutin ng mga may dakilang kaloob.

"Ngayon, ngayon, ngayon ang pinakamainam na panahon upang tayo'y gumawa. Ang personal na pagdalaw ay napakahalaga. Dahil sa pag-ibig kay Jesu-Cristo at sa pag-ibig sa mga kaluluwa ng tao, ang katotohanan ay dapat dalhin sa bawat sambahayan—pinag-uusapan "malapit sa pugon ng apoy" sa bawat sa tahanan (fireside) na maaari ninyong mapuntahan. . . .Tandaan ninyo na ang Espiritu Santo ang tunay na manggagawa. Ang taong kasangkapan na gumagawa para sa Dios ay hindi kailanman nag-iisa. . . .

"Ang paggawa na may pagtitiyaga, may kabaitan, pagkahabag, pananalangin, at pag-ibig ay higit ang magagawa kaysa sa mga pangangaral. Ang Panginoong Jesus, sa Kaniyang pag-aalay ng buhay upang iligtas ang sanlibutan mula sa sumpa ng kasalanan, ay may mga layuning dakilang bagay na higit pa kaysa sa mga nasasaksihan lamang ng ating mga mata. Ang Espiritu Santo ay naghihintay ng mga sisidlang maaari Niyang gamitin sa Kaniyang gawain. . . . Hindi magtatagumpay magpakailanman si Satanas; sapagkat ang Espiritu ng Dios ay ibubuhos sa Kaniyang iglesia sa oras na ang mga sisidlan ay mahanda upang tanggapin ito."16

Nawa'y pagpalain tayo nang sagana ng Panginoon, at tulungan Niya tayong isagawa ang gawaing ito "malapit sa pugon ng apoy" sa tahanan. Amen! ℛ


**References:**

[1] The Faith I Live By, p. 255. [Emphasis added.]
[2] Child Guidance, p. 202.
[3] Patriarchs and Prophets, p. 127. [Emphasis added.]
[4] The Review and Herald, April 21, 1891.
[5] Testimonies for the Church, vol. 6, p. 429.
[6] Ibid., p. 430.
[7] The Review and Herald, July 10, 1888. [Emphasis added.]
[8] Evangelism, p. 436.
[9] Gospel Workers, p. 212. [Emphasis added.]
[10] Testimonies for the Church, vol. 1, p. 432.
[11] Manuscript Releases, vol. 7, p. 37.
[12] The Review and Herald, April 15, 1884.
[13] Welfare Ministry, p. 109. [Emphasis added.]
[14] Christian Service, p. 114.
[15] Ibid., p. 118.
[16] That I May Know Him, p. 330.



# “BIGYAN NINYO SILA NG MAKAKAIN”

NI OZIEL FERNANDEZ- BRAZIL

## PANAWAGAN SA PAGLILINGKOD AT KRISTIANONG PAGKAHABAG

Ang mga katagang binigkas ni Jesus, "Bigyan ninyo sila ng makakain," ay may malalim na panawagan tungo sa pangangalaga at tungkulin sa kapwa. Matatagpuan ito sa Mateo 14:16, sa kilalang kuwento ng unang pagpaparami ng mga tinapay at isda. Gayunpaman higit pa sa pagsasalaysay ng isa sa mga pinakatanyag na himala sa Banal na Kasulatan, ang talatang ito ay naglalaman din ng mga pangunahing aral tungkol sa pagkahabag, kagandahang-loob, at Kristiyanong paglilingkod—mga aral na humahamon sa iglesia sa panahong ito na gumawa ng makabuluhang pagkilos sa isang daigdig na humaharap sa matitinding suliranin gaya ng kagutuman.

## Ang Kagutom ngayon mismo

Sa kasalukuyan, ang kagutuman ay isa sa mga nakapipinsalang suliraning kinahaharap ng sanlibutan. "Ayon sa mga ulat ng United Nations, sa taong 2023 lamang—batay sa ulat ng SOFI 2024—may humigit-kumulang 733 milyong katao sa buong mundo ang dumaranas ng gutom."[1] Parang sinasabi nito na isa sa bawa't labing-isang tao sa mundo ay nagugutom—at ang bilang na ito ay patuloy na lumalaki dahil sa mga sanhing tulad ng hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan, mga krisis sa ekonomiya, at mga digmaan. Ang kalunos-lunos na katotohanang ito ay lubos na kasalungat sa dami ng pagkaing nalilikha sa buong mundo, na malinaw na nagpapakita na ang tunay na suliranin ay hindi ang kakulangan sa yaman, kundi ang maling pamamahagi at kakulangan ng pagkilos.

Nang sabihin ni Jesus, "Bigyan ninyo sila ng makakain," hinamon Niya ang Kaniyang mga alagad na harapin ang isang sitwasyong tila imposibleng malutas—gaya rin ng hamon sa atin ngayon na pakainin ang milyun-milyong nagugutom sa sanlibutan. Gayunman, gaya ng pangyayari noon, ang mensahe ni Cristo ay tumutukoy sa pinagtutulungang tungkulin ng Kaniyang mga tagasunod—ang pagtugon hindi lamang sa pisikal na pangangailangan kundi maging sa espirituwal na pangangailangan ng mga naghihirap.

## Ang konteksto sa Biblia

Ang himala ng pagpaparami ng mga tinapay ay naganap kaagad matapos ang balita ng kamatayan ni Juan Bautista. Marahil ay dahil sa matinding pagod at kalungkutan ng mga alagad sa pagkawala ni Juan kaya't inihiwalay sila ni Jesus sa isang dakong ilang upang sila'y makapagpahinga at maibsan ang bigat ng kanilang damdamin. "At nang marinig ito ni Jesus, ay umalis siya doon sa pamamagitan ng isang daong patungo sa isang dakong ilang na lihim." (Mateo 14:13) Ang paanyaya ni Cristo sa kapahingahan ay isang malinaw na pagpapahayag ng Kaniyang malasakit bilang Mabuting Pastor sa Kaniyang mga alagad. Subalit ang kanilang ninanais na pagpapahinga ay hindi nagtagal, sapagkat natuklasan ng mga karamihan kung saan Siya nagtungo at sinundan Siya sa pamamagitan ng paglalakad. "At nakita ng mga tao silang nagsisialis, at nakilala siya ng marami, at nagsitakbo silang sama-sama mula sa lahat ng mga bayan, at nauna pa sa kanila, at nagsiparoon sa Kaniya."(Marcos 6:33)

"Malapit na noon ang Pista ng Paskua, at mula sa malayo at sa malapit ay nagsidating ang mga pangkat ng mga manlalakbay na patungo sa Jerusalem, na nagnanais makita si Jesus. Dumami pa sila hanggang sa sila'y umabot sa limang libong mga lalaki, bukod pa sa mga babae at mga bata. Bago pa man makarating si Cristo sa pampang, isang malaking karamihan na ang naghihintay sa Kaniya."[2]

## Pagkahabag para sa maraming tao

Ang mapagmahal na Tagapagligtas kailanman ay hindi nag-aatubiling tugunan ang ating mga pangangailangan. Siya'y nahahabag sa maraming tao, malugod silang tinanggap, at pinagaling ang kanilang mga sakit. "At siya'y lumabas, at nakita ang isang malaking karamihan, at nahabag Siya sa kanila, at pinagaling Niya ang sa kanila'y mga may sakit." (Mateo 14:14)

Sa Bagong Tipan, ang salitang "magpakita ng habag" ay nagpapahayag ng pinakamataas na antas ng pagdamay sa mga naghihirap, at kadalasan ay tumutukoy sa mga gawa ng ating Panginoong Jesu-Cristo. (Tingnan din: Mateo 15:32; 20:34; Marcos 1:41; Lucas 7:13.)

Si Jesus ay hindi kailanman pinauuwi ang sinuman nang hindi tinutugunan ang lahat ng kanilang mga pangangailangan. Bagaman nagambala ang Kaniyang pamamahinga, at iniwan Niya ang Kaniyang pag-iisa, tatlong bagay ang Kaniyang ginawa upang tugunan ang mga ito:

1. Tinuruan Niya ang karamihan tungkol sa kaharian ng Dios, upang matugunan ang pangangailangan ng kanilang isipan.
2. Pinagaling Niya ang mga maysakit, upang matugunan ang kanilang pisikal na pangangailangan.
3. Pinakain Niya ang buong

karamihan ng tinapay, bilang simbolo ng tinapay na buhat sa langit. (Juan 6:22–40)

Sa ganitong paraan, tinugunan ni Jesus ang kanilang pangangailangang pangkaisipan, pisikal, at espirituwal.

## Ang pag-aalala ng mga alagad

Isang maghapong abala sa paglilingkod ang lumipas. Si Jesus ay nagturo at nagpagaling ng mga may sakit sa karamihan, subalit ang mga alagad ay nag-alala kung paano mapapakain ang napakaraming tao. Nang mapansin nila na sila'y nasa dakong ilang, lumapit sila kay Jesus at ipinahayag ang kanilang pag-aalala, na iminumungkahing paalisin na Niya ang mga tao upang makapaghanap ng pagkain sa mga karatig na nayon.

"At nang gumabi na, sinabi ng Kaniyang mga alagad sa Kaniya, Ang dako ay ilang, at gumagabi na: Payaunin Mo sila, upang sila'y makaparoon sa mga karatig nayon at bayan, at makabili sila ng anomang kanilang makakain. Sapagkat sila'y walang makakain." (Marcos 6:35–36) Ang mga alagad ay hindi maisip kung paano nila mapapakain ang karamihan; kulang ang kanilang salapi, at para sa kanila ang tanging solusyon ay paalisin ang karamihan. Lahat ng bagay ay tila salungat: ang lugar ay ilang, ang oras ay huli na, ang tao ay napakarami, at ang kanilang salapi ay kakaunti. Sa pagtingin sa mga kakulangan, itinuon ng mga alagad ang kanilang pansin sa kung ano ang wala sa kanila.

## Ang utos ni Cristo

Maingat Niyang pinakinggan ang mungkahi ng mga alagad, at sinabi sa kanila ni Jesus: " Hindi kailangang sila'y magsialis; bigyan ninyo sila ng makakain.." (Mateo 14:16). Ang utos ni Cristo ay hindi inaasahan at nakakagulat para sa mga alagad. Sa sandaling iyon, tatlong malalaking hamon ang kanilang kinakaharap:

1. Napakarami ng tao—limang libong lalaki, bukod pa sa mga babae at mga bata.
2. Sila'y nasa ilang na dako, malayo sa lungsod na maaaring pagbilhan ng pagkain.
3. Wala silang sapat na salapi.

Ang mga alagad ay malinaw na nasa dulo na ng kanilang kakayahan—may mga suliraning praktikal, kakulangan sa mapagkukunan, at isang gutom na karamihan.

Gayunman, pumayag silang ibigay ang kakaunting pagkain na mayroon sila sa mga kamay ni Cristo, sapagkat sinabi Niya, "Dalhin ninyo rito sa Akin" (Mateo 14:18). Ang ang kakaunting iyon ay himalang dumami, at ang lahat ay nabusog. Itinuturo ng himalang ito na kahit sa kakaunting taglay, ang Dios ay makagagawa ng dakilang mga bagay sa pamamagitan ng mga taong handang maglingkod.

Nang inutusan ni Jesus ang Kaniyang mga alagad na pakainin ang karamihan, Kaniyang ipinapaalala ang prinsipyo ng tungkulin ng iglesia na pangalagaan ang mga mahihina—na Kaniyang ipinahayag sa pamamagitan ng propetang Isaias: "Magbahagi ng iyong tinapay sa gutom;" "Dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan;" "Pagka-nakakakita ka ng hubad, na iyong bihisan, . . . iyong damtan" (Isaias 58:7).

Ang Panginoon ay maliwanag na nag-utos sa atin: "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelio sa lahat ng kinapal" (Marcos 16:15). Subalit gaano kadalas na nanlulumo ang ating mga puso, at nanghihina ang ating pananampalataya, habang nasasaksihan natin ang napakalaking pangangailangan, at ang kakayahan ay tila napakaliit. Gaya ni Andres na nakatingin sa limang tinapay na sebada at dalawang maliliit na isda, sinasabi rin natin, "Ano ang mga ito sa ganitong karaming tao?" Madalas tayong mag-atubili, ayaw nating ibigay ang lahat ng ating taglay, dahil natatakot na maubos at magamit para sa kapakanan ng iba. Subali't inuutusan tayo ni Jesus, "Bigyan ninyo sila ng makakain." Ang Kaniyang utos ay isang pangako, at sa likod nito ay ang parehong kapangyarihan na nagpakain sa karamihan sa tabi ng dagat."3

## Ang panawagan sa iglesia

Ang katagang "Bigyan ninyo sila ng makakain" ay higit pa sa pagtugon sa pisikal na pagkain. Ito ay isang panawagan sa iglesia, bilang katawan ni Cristo, na tugunan ang espirituwal, emosyonal, at materyal na pangangailangan ng sangkatauhan. Hindi pinahintulutan ni Jesus ang Kaniyang mga alagad na iwasan ang kanilang tungkulin sa pangangalaga ng mga tao; at ang parehong prinsipyong ito ay dapat ding gumabay sa iglesia sa ating kapanahunan.

"Sa himala ng Tagapagligtas sa pagpapakain ng limang libo ay inilalarawan ang paggawa ng kapangyarihan ng Dios na magdala ng pag-aani. Si Jesus ay hinahawi ang tabing ng kalikasan upang ipakita ang likas na kapangyarihang patuloy na kumikilos para sa ating kabutihan. Sa pagpaparami ng binhing inihahasik sa lupa,

Siya na nagparami ng mga tinapay ay gumagawa ng himala araw-araw. Sa pamamagitan ng himala Kaniyang patuloy na pinapakain ang milyun-milyon mula sa mga ani ng mga bukirin sa kalupaan. Ang mga tao ay tinatawagan upang makipagtulungan sa Kaniya sa pangangalaga ng mga butil at sa paghahanda ng tinapay, at dahil dito, nakakalimutan ng tao ang banal na ahensya. Ang pagkilos ng Kaniyang kapangyarihan ay itinuturing ng tao bilang bunga ng kalikasan na sanhi o gawa ng tao, at madalas, ang Kaniyang mga kaloob ay ginagamit sa makasariling layunin, nagiging sumpa sa halip na pagpapala. Subali't ang Dios ay sinisikap na ito ay mabago. Nais Niyang pukawin ang ating mapurol na pandama upang makilala ang Kaniyang mahabaging kabutihan, upang ang Kaniyang mga kaloob ay maging tunay na pagpapalang Kaniyang layunin.

"Ang Salita ng Dios, ang pagbabahagi ng Kaniyang buhay, ang nagbibigay-buhay mismo sa binhi; at tayo, sa pagkain ng butil, ay nagiging kabahagi ng buhay na iyon. Ito, ang nais ng Dios na maunawaan natin, nais Niya na kahit sa pagtanggap natin ng ating pang-araw-araw na tinapay, ay makilala natin ang Kaniyang pagkilos at tayo ay mapalapit sa Kaniya."

Sa mga batas ng Dios sa kalikasan, ang bawat sanhi ay may bunga, tiyak at walang pag-aalinlangan.. Ang pag-aani ay nagpapatunay ng pagtatanim. Dito ang pagkukunwari ay hindi painahihintulutan. Ang tao ay maaaring linlangin ang kaniyang kapwa at maaaring tumanggap ng papuri at gantimpala sa paglilingkod na hindi naman niya ginawa. Subali't sa kalikasan ay walang puwang ang pandaraya."4

"Sa pag-aani, ang binhi ay dumadami. Ang isang butil ng trigo, na nadadagdagan sa paulit-ulit na pagtatanim, ay maaaring takpan ang buong lupain ng gintong mga uhay. Gayon din kalawak ang maaaring maging impluwensya ng isang buhay, o maging ng isang pagkilos lamang."5

**Ang kakaunting iyon ay himalang dumami, at ang lahat ay nabusog. Itinuturo ng himalang ito na kahit sa kakaunting taglay, ang Dios ay makagagawa ng dakilang mga bagay sa pamamagitan ng mga taong handang maglingkod.**

Tungkol sa himala ng pagpaparami ng mga tinapay at mga isda, mababasa natin sa Espiritu ng Hula: "Sa gawa ni Cristo ng pagtugon sa pansamantalang pangangailangan ng nagugutom na karamihan ay nakapaloob ang malalim na espirituwal na aral para sa lahat ng Kaniyang mga manggagawa. Si Cristo ay tumanggap mula sa Ama; ibinahagi Niya ito sa mga alagad; ibinahagi naman ng mga alagad sa karamihan; at ang mga tao sa isa't isa. Gayon din naman, ang lahat ng nagkakaisa kay Cristo ay tatanggap mula sa Kaniya ng tinapay ng buhay, ang makalangit na pagkain, at ibabahagi ito sa iba."6

Ang gutom na binabanggit ni Jesus ay maaaring maunawaan nang mas malalim at sa mas malawak na paraan. Marami sa ating paligid ang nagugutom sa katarungan, kapayapaan, pag-ibig, at pag-asa. Ang iglesia ay may dakilang misyon ang maging bukal ng espirituwal at emosyonal na kalusugan sa mundong nasa kagipitan. Pinagtitibay ito ni apostol Santiago ang katotohanang ito sa kaniyang pagbibigay-diin sa kahalagahan ng pananampalatayang may kasamang tunay na gawa: "Kung ang isang kapatid na lalake o babae ay hubad at walang kakanin sa araw-araw, At ang isa sa inyo ay magsabi sa kanila, Magsiyaon kayong payapa, kayo'y mangagpainit at mangagpakabusog; at gayon ma'y hindi ninyo ibinibigay sa kanila ang mga bagay na kinakailangan ng katawan; anong mapapakinabang dito?" (Santiago 2:15–16). Gayundin, sa kanyang unang sulat, si apostol Juan ay nagtanong: "Datapuwa't ang sinomang mayroong mga pag-aari sa sanglibutang ito, at nakikita ang kaniyang kapatid na nangangailangan, at doo'y ipagkait ang kaniyang awa, paanong mananahan ang pagibig ng Dios sa kaniya?"(1 Juan 3:17).

Sa ating panahon ngayon, ang sanlibutan ay puno ng mga "nagugutom na karamihan" mga taong naghahanap ng kahulugan, pagtanggap, at pag-asa. Ang iglesia ni Cristo ay tinatawag na maging mapagbigay na komunidad, handang magbahagi ng tinapay ng buhay, at maghatid ng nakapagpapabagong mensahe ni Cristo.

## Ang ating papel sa pagpaparami

Madali tayong mapanghinaan ng loob sa harap ng malalaking suliranin ng sanlibutan gaya ng kagutuman. Paano nga ba tayo, na may kakarampot na kakayahan at limitadong yaman, makagagawa ng pagbabago sa ganitong napakalaking suliranin?

Ang kuwento ng pagpaparami ng mga tinapay at isda ay nagpapaalala sa atin na, sa mga kamay ni Cristo, ang kakaunti nating taglay ay maaaring dumami upang mapaglingkuran ang marami.

"Ang mga pagpapala, maging materyal o espirituwal, ay tataglayin ng mga taong nagbabahagi sa nangangailangan ng kanilang tinanggap mula sa Panginoon. Si Jesus ay gumawa ng himala upang pakainin ang limang libo, ang pagod at gutom na karamihan. Pinili Niya ang isang maaliwalas na lugar upang sila'y matipon at iniutos Niyang sila'y maupo. Kinuha Niya ang limang tinapay at dalawang munting isda. Tiyak marami ang nagsabing imposibleng mabusog ang limang libong gutom na mga lalaki bukod pa ang mga babae at mga bata mula sa kakaunting pagkaing iyon. Subali't nagpasalamat si Jesus, at ipinagkatiwala Niya ang pagkain sa mga kamay ng mga alagad upang ipamahagi. Habang kanilang ibinibigay, ang pagkain ay dumarami sa kanilang mga kamay. At nang ang karamihan ay nabusog, ang mga alagad ay naupo at kumain kasama si Cristo ng pagkaing buhat sa langit. Ito ay isang napakahalagang aral para sa bawat tagasunod ni Cristo."7

Tulad ng mga alagad ni Jesus noong unang panahon, nais ng Dios na gamitin tayo bilang daluyan ng Kaniyang mga pagpapala. "Ang mga alagad ang naging daluyan ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ni Cristo at ng mga tao. Ito ay dapat maging dakilang pampasigla sa mga alagad Niya sa ating kapanahunan. Si Cristo ang dakilang pinagmumulan ng lahat ng kalakasan. Ang Kanyang mga alagad ay dapat tumanggap ng panustos mula sa Kaniya. Ang pinakamatalino at pinakabanal sa espiritu ay makapagbibigay lamang ayon sa kanilang tinatanggap. Sa kanilang sarili, wala silang maibibigay na makatutugon sa mga pangangailangan ng kaluluwa. Maaari lamang nating maibahagi ang ating tinatanggap mula kay Cristo; at makakatanggap lamang tayo kung tayo ay nagbibigay. At habang tayo ay patuloy na nagbabahagi, patuloy rin tayong tumatanggap; at habang mas marami tayong ibinabahagi, mas marami tayong tatanggapin. Sa ganitong paraan, tayo ay patuloy na mananampalataya, magtitiwala, tatanggap, at magbabahagi."8

Ang Kristiyanong mga institusyon, mga misyonero, at mga boluntaryo sa buong sanlibutan ay namumuhay na sa katotohanang ito sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanilang buhay upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga pinaka-mahihina. Mula sa mga programang nagbibigay ng pagkain sa nagugutom, hanggang sa mga proyektong nag-aalok ng edukasyon, kalusugan, at pangunahing pangangailangan, ang mga pamamaraanng ito ay sumasalamin sa pag-ibig ni Cristo na may pagkilos. Ang mga bagay na tila maliit sa ating paningin ay maaaring maging simula ng isang dakilang gawa sa mga kamay ng Dios. Hindi natin kailangang maghintay ng kasaganaan bago tayo kumilos; kung ano ang mayroon tayo ngayon ay maaaring maging kasangkapan sa mga kamay ni Cristo upang isakatuparan ang mga bagay na tila imposibleng gawin.

## Isang panawagan upang kumilos

Ang kahilingan ni Cristo sa Kaniyang mga alagad ay patuloy na inuulit hanggang sa ating kapanahunan. Inaanyayahan Niya tayong maging kabahagi ng Kaniyang gawain ng pagtubos sa sanlibutan, lalo na sa harap ng napakalaking pangangailangan ng sangkatauhan ngayon. Ang pagkagutom, maging pisikal o espirituwal ay patuloy na nagpapahirap sa bilyun-bilyong mga tao, at ang mga Kristiyano, ay tinatawagan upang maging tugon ng Diyos sa mga pangangailangang ito.

Ang panawagang ito ay maaaring magsimula sa mga simpleng gawa ng kabutihan: ilang salitang makapagpapalakas ng kalooban, isang kaloob na makatutulong sa nangangailangan, o maging sa pagtatatag ng mga pasilidad para sa pagtulong sa ating iglesia upang matugunan ang mga pisikal at espirituwal na pangangailangan ng ating mga pamayanan. Hindi natin maaaring ipagsawalang-bahala ang tindi ng suliranin ng kagutuman sa mundo, subali't bilang mga alagad ni Cristo, tayo ay hinahamon na kumilos nang may pagkahabag at pagkabukas-palad.

"Si Jesus ay hindi sinisikap na akitin ang mga tao sa pamamagitan ng pagtugon sa kanilang pagnanasa sa karangyaan. Para sa napakaraming taong iyon—pagod at gutom matapos ang mahaba at kapanapanabik na araw, ang simpleng pagkain ay naging patotoo ng Kaniyang kapangyarihan at ng Kaniyang mahabaging pangangalaga sa kanila sa mga karaniwang pangangailangan ng buhay. Hindi ipinangako ng Tagapagligtas sa Kaniyang mga tagasunod ang mga karangyaan ng sanlibutan; maaaring ang kanilang kapalaran ay mabuhay sa gitna ng kahirapan; subali't ang Kaniyang salita ay ipinangako na ang kanilang mga pangangailangan ay Kaniyang tutugunan, at Kaniyang ipinangako ang higit pang mahalaga sa kayamanang makalupa—ang patuloy na kaaliwan ng Kaniyang presensya.

"Matapos mapakain ang

karamihan, ay napakarami pang pagkaing natira. Sinabi ni Jesus sa Kaniyang mga alagad, 'Pulutin ninyo ang mga pinagputolputol na lumabis, upang walang anomang masayang' (Juan 6:12). Ang mga salitang ito ay may higit na malalim na kahulugan kaysa sa simpleng pagtitipon ng pagkain sa mga bakol. Ang aral ay dalawa. Walang dapat masayang. Huwag nating pabayaan ang kahit anong pagkakataon ng panandaliang kapakinabangan. Huwag nating pabayaan ang anumang maaaring magdulot ng kabutihan sa kapwa-tao. Tipunin ang lahat ng makapagpapagaan sa pangangailangan ng mga nagugutom sa mundo. Sa gayunding pag-iingat, ingatan natin ang tinapay na mula sa langit upang matugunan ang pangangailangan ng kaluluwa. Sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos tayo ay mabubuhay. Walang salita ng Diyos ang dapat mapawalang-saysay. Walang isang salita na may kinalaman sa ating walang hanggang kaligtasan ang dapat balewalain. Walang salita ang dapat mahulog sa lupa nang walang pakinabang."9

"Dinala ng mga alagad kay Jesus ang lahat ng mayroon sila; subali't hindi sila inanyayahan ni Jesus na unang kumain. Sa halip, iniutos Niya sa kanila na pakainin ang mga tao. Ang pagkain ay dumami sa Kaniyang mga kamay, at ang mga kamay ng mga alagad na umaabot sa Kaniya ay kailanman hindi nawalan. Ang kaunting tinapay at isda ay naging sapat para sa lahat. At nang mapakain na ang karamihan, ang mga alagad ay kumain kasama ni Jesus ng mga mahalagang pagkaing buhat sa langit.

"Habang tinitingnan natin ang mga pangangailangan ng mahihirap, ng mga walang kaalaman, at ng mga napipighati, gaano kadalas na nanghihina ang ating mga puso. Tayo'y nagtatanong, 'Ano ang magagawa ng aming mahinang lakas at kakaunting tinataglay upang tugunan ang ganitong matinding pangangailangan? Hindi ba dapat tayong maghintay sa mga mas may kakayahang mamuno sa gawain o isang samahang gagawa nito?' Ngunit sinasabi ni Cristo, 'Bigyan ninyo sila ng makakain.' Gamitin ninyo ang inyong panustos, oras, kakayahan, kung ano ang mayroon kayo. Dalhin ninyo kay Jesus ang inyong tinapay na sebada.

"Bagama't ang inyong yaman ay tila hindi sasapat upang pakainin ang libu-libo, maaaring ito ay maging sapat upang pakainin lamang ang isa. Subalit sa mga kamay ni Cristo, ang kaunting ito ay maaaring makapagpakain ng marami. Kaya't gaya ng mga alagad, ibigay ninyo kung ano ang mayroon kayo. Si Cristo ang magpaparami ng inyong kaloob. Kaniyang gagantimpalaan ang tapat at buong pusong nagtitiwala sa Kaniya. Ang tila kakaunting panustos ay magiging masaganang kapistahan."10

## Konklusyon

Ang mga salitang "Bigyan ninyo sila ng makakain" ay hindi lamang isang panawagan sa pagkakawanggawa, kundi isang panawagan ng tungkulin. Ipinakita ni Jesus na hindi kailangang marami ang ating taglay upang makagawa ng pagbabago; sapat ng ibigay natin kung ano ang mayroon sa atin sa Kaniyang mga kamay. Kung paanong ang tinapay at mga isda ay pinarami, kaya ring paramihin ni Cristo ang ating mga pagsisikap at mga yaman upang mapakain ang maraming mga nagugutom sa espirituwal man o sa pisikal.

Sa mundong milyon-milyong tao ang dumaranas ng kagutuman, ang iglesia ay kailangang patuloy na tumugon sa panawagang ito na may pagkahabag, bilang paglalarawan ng pag-ibig ni Cristo sa isang lipunang lubos na nangangailangan ng pangangalaga at pag-asa.


**References:**

1 The Faith I Live By, p. 255. [Emphasis added.]
2 Child Guidance, p. 202.
3 Patriarchs and Prophets, p. 127. [Emphasis added.]
4 The Review and Herald, April 21, 1891.
5 Testimonies for the Church, vol. 6, p. 429.
6 Ibid., p. 430.
7 The Review and Herald, July 10, 1888. [Emphasis added.]
8 Evangelism, p. 436.
9 Gospel Workers, p. 212. [Emphasis added.]
10 Testimonies for the Church, vol. 1, p. 432.
11 Manuscript Releases, vol. 7, p. 37.
12 The Review and Herald, April 15, 1884.
13 Welfare Ministry, p. 109. [Emphasis added.]
14 Christian Service, p. 114.
15 Ibid., p. 118.
16 That I May Know Him, p. 330.



# SA MGA LANSANGAN AT SA MGA DAAN

NI DANIEL BALBAC – USA

Isinalaysay ni Jesus ang isang talinghaga: "May isang naghanda ng isang malaking hapunan; at marami siyang inanyayahan: At sa panahon ng paghapon ay sinugo niya ang kaniyang alipin, upang sabihin sa mga inanyayahan, Magsiparito kayo; sapagka't ang lahat ng mga bagay ay nahahanda na. At silang lahat na parang iisa ay nangagpasimulang nangagdahilan. Sa kaniya'y sinabi ng una, Bumili ako ng isang bukid, at kailangan akong umalis at tingnan; ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako. At sinabi ng iba, Bumili ako ng limang magkatuwang na bakang lalake, at paroroon ako upang sila'y subukin; ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako. At sinabi ng iba, Bago akong kasal, at kaya nga hindi ako makaparoroon. At dumating ang alipin, at isinaysay ang mga bagay na ito sa kaniyang panginoon. Nang magkagayon, sa galit ng puno ng sangbahayan ay sinabi sa kaniyang alipin, Pumaroon kang madali sa mga lansangan at sa mga daang makikipot ng bayan, at dalhin mo rito ang mga dukha, at ang mga pingkaw, at ang mga bulag, at ang mga pilay. At sinabi ng alipin, panginoon, nagawa na ang ipinagutos mo, at gayon ma'y maluwag pa. At sinabi ng panginoon sa alipin, Pumaroon ka sa mga daan at sa mga bakuran, at pilitin mo silang magsipasok, upang mapuno ang aking bahay." (Lucas 14:16–23)

Sino ang dalawang unang pangkat na inanyayahan sa hapunang ito, at ano ang kahulugan nito?

"Sa pamamagitan ng malaking hapunan, inilarawan ni Cristo ang mga pagpapalang inihahandog sa pamamagitan ng ebanghelyo. Ang handog na ito ay walang iba kundi si Cristo Mismo. Siya ang tinapay na bumaba mula



sa langit; at mula sa Kaniya dumadaloy ang mga bukal ng kaligtasan. Ipinangaral ng mga sugo ng Panginoon sa mga Judio ang pagdating ng Tagapagligtas; itinuro nila si Cristo bilang 'ang Kordero ng Dios, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan' (Juan 1:29). Sa piging na inihanda ng Dios, inihandog Niya sa kanila ang pinakadakilang kaloob na maibibigay ng langit. … 'kung ang sinoman ay kumain ng tinapay na ito,' sinabi ni Cristo, 'siya'y mabubuhay magpakailanman.' (Juan 6:51)."[1]

Mula sa siping nasa itaas, mauunawaan natin ang dalawang magagandang mga punto:

Una, ang paanyaya ay unang ibinigay sa mga Judio, na kumakatawan sa mga Kristiyano sa ating panahon ngayon bilang hinirang na bayan ng Diyos. "At kung kayo'y kay Cristo, kayo nga'y binhi ni Abraham, at mga tagapagmana ayon sa pangako." (Galacia 3:29)

Ikalawa, bilang mga lingkod at mensahero ng Diyos sa sanlibutan, tayo ay may pribilehiyong magpahatid ng paanyaya sa lahat upang tanggapin ang walang bayad na kaloob ng tinapay ng buhay na walang iba kundi si Cristo Mismo. "At sinabi ni Jesus sa kanila, Ako ang tinapay ng buhay." (Juan 6:35)

Ang bansang Judio ay tinanggihan ang paanyaya dahil sa kanilang espirituwal na kalagayan—iniisip nilang sila ay "mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi na nangangailangan ng anoman" (Apocalipsis 3:17). Pagkatapos, ang paanyaya ay ibinigay sa ikalawang uri ng mga tao. Sinabi ng panginoon sa alipin sa Lucas 14:21, "Lumabas kang madali sa mga lansangan at mga daan ng bayan, at dalhin mo rito ang mga dukha, at mga pilay, at mga lumpô, at mga bulag." Ang mga salitang ito ay hindi lamang tumutukoy sa pisikal na kalagayan, kundi higit sa lahat sa espirituwal. Kung ang mga kumakatawan sa bayan ng Diyos sa ating panahon ay yaong mga mayaman sa espirituwal, kung gayon ang mga nasa lansangan at daan ay yaong mga dukha, pilay, at bulag sa espirituwal.

"Ang alipin na nagdala sa mga dukha at bulag ay nagsabi sa kaniyang panginoon, 'Nagawa na ang ipinagutos mo, at gayon ma'y maluwag pa.' At sinabi ng panginoon sa alipin, 'Pumaroon ka sa mga daan at sa mga bakuran, at pilitin mo silang



magsipasok, upang mapuno ang aking bahay.' Dito itinuro ni Cristo ang gawain ng ebanghelyo sa labas ng hangganan ng Hudaismo, sa mga lansangan at daang masukal ng sanlibutan."[2]

Paano naman ang huling dalawang pangkat na binanggit sa talinghaga—yaong tinukoy bilang mga nasa lansangan at mga bakuran (o sa mga daan at masukal na pook)? Ang mga pangkat na ito ay tinutukoy ng kapahayagan bilang ang mga tao sa sanlibutan, yaong mga nasa labas ng ating pananampalataya.

Sa mga kamakailang pagsasanay para sa mga misyonero sa iba't ibang iglesia, aking binigyang-diin ang ating mga pagsisikap—o ang kakulangan nito—sa pag-abot sa mga taong nasa labas ng ating pananampalataya. Sa simula ng isang klase, aking hiniling sa mga mag-aaral na tumingin sa paligid at tukuyin kung ilan sa mga naroon ang mga bagong mananampalataya mula sa labas ng iglesia, yaong mga tinanggap sa loob ng nakaraang limang taon. Sa malaking grupong iyon, isa o dalawa lamang ang kamakailan lamang na tumanggap ng pananampalataya mula sa "sanlibutan." Ito ay nagbubukas ng isang mahalagang tanong para sa ating lahat: Bilang mga lingkod ni Cristo, tayo ba ay masigasig sa

pag-abot at pag-anyaya sa iba na dumalo sa dakilang piging, kung saan si Jesus Mismo ang tinapay ng buhay?

Maaaring itanong natin, "Paano ko gagampanan ang gawaing ito? At partikular, sino sa sanlibutan ang dapat kong abutin?" Minsan ay nag-aatubili tayong lumapit sa mga taong mula sa ibang kalagayan ng buhay—mga may mataas na pinag-aralan, mayaman, o maaaring may mga paniniwalang naiiba sa tradisyonal na turo ng Kristiyanismo. Ang ilan ay maaaring malayo sa mga relihiyosong komunidad dahil sa mga personal na desisyon, masamang pamumuhay, o mga pananaw na ayon sa kultura. Madalas ay may alinlangan kung ang mga ganitong tao ay magiging interesado sa mga espirituwal na bagay, o kung sila ba ay bukas sa pakikipag-ugnayan sa iglesia.

Marami sa atin ang maaaring mag-akala na baka hindi tama o nararapat na dalhin sa iglesia ang mga taong ganito. Ang mga pag-aalinlangang ito ay karaniwang lumilitaw kapag pinag-uusapan ang tungkol sa gawain ng pag-abot sa iba. Upang maalis ang mga pag-aalinlangang ito, mainam na pagmuni-munihin natin ang sinasabi ng kapahayagan tungkol sa unang pangkat na inanyayahan sa piging ng ebanghelyo—yaong mga nasa "mga lansangan."

## Ang mga lansangan

"Ang paanyaya sa piging ay unang ibinigay sa mga Judio, ang bayang tinawag upang maging mga guro at pinuno ng sangkatauhan. . . . Nang ang panawagan ng ebanghelyo ay ipinadala naman sa mga Hentil, gayon din ang paraan ng paggawa. Ang mensahe ay dapat unang ibigay 'sa mga lansangan'—sa mga taong may direktang bahagi sa mga gawain ng sanlibutan, sa mga guro at pinuno ng bayan .

"Nawa'y tandaan ito ng mga sugo ng Panginoon. Sa mga pastor ng kawan, sa mga guro na itinalaga ng Dios, ito ay dapat maging isang paalaala na dapat pagtuunan ng pansin. Ang mga kabilang sa matataas na antas ng lipunan ay dapat hanapin nang may mahabaging pagmamalasakit at pagpapahalaga bilang kapatid. Ang mga taong nasa larangan ng pagnenegosyo, mga nasa mataas na katungkulan ng pagtitiwala, mga may malawak na kakayahan sa pag-iimbento at malalim na kaalaman sa siyensya, mga taong may talino at karunungan, at maging mga guro ng ebanghelyo na hindi pa naakay sa mga natatanging katotohanan para sa panahong ito—sila ang unang dapat makarinig ng panawagan. Sa kanila dapat ibigay ang paanyaya.

"May gawaing dapat isagawa para sa mga mayayaman. Ang mayamang tao ay nangangailangan ng inyong paglilingkod na may pag-ibig at takot sa Dios. Madalas siyang nagtitiwala sa kaniyang kayamanan, at hindi niya nararamdaman ang panganib na kanyang haharapin. Kinakailangang maituon ang kaniyang isipan sa mga bagay na may walang hanggang halaga. . . .

"Yaong mga mataas ang katayuan sa sanlibutan—dahil sa kanilang pinag-aralan, kayamanan, o propesyon—ay bihirang lapitan nang personal hinggil sa mga bagay na ukol sa kaligtasan ng kaluluwa. Maraming manggagawang Kristiyano ang nag-aatubiling lapitan ang mga ganitong uri ng tao. Subali't hindi ito dapat mangyari."3

May isang mahal na kaibigan ng aking ama ang kabilang sa uring ito ng mga tao. Nakakalungkot, noong pumanaw ang aking ama, ako noon ay "nasa sanlibutan pa." Subali't matapos kong tanggapin ang pananampalataya at maging isang manggagawa sa Biblia, naramdaman kong kailangan kong abutin ang kaibigang ito ng aking ama. Siya ay isang magiliw na tao, kaya't madalas ko siyang dalawin sa kaniyang tahanan at kami'y nagsasalo sa hapunan. Habang patuloy na lumalalim ang aming pagkakaibigan, ako'y nanalangin sa Panginoon na bigyan ako ng paraan upang maibahagi sa kaniya ang ebanghelyo, sapagkat siya ay isang agnostiko (taong walang katiyakan sa paniniwala sa Dios). Tuwing ako'y dumadalaw sa kanyang tahanan, ipinapakita niya sa akin ang kaniyang gulong at pugon para sa paggawa ng palayok, sapagkat hilig niyang gumawa ng mga palayok bilang libangan. Ilang ulit niya akong tinanong kung nais kong subukang gumawa ng palayok kasama niya, ngunit palagi kong tinatanggihan, sapagkat hindi ako interesado. Gayunman, habang patuloy akong bumibisita, ako ay nananalangin na tulungan akong makahanap ng paraan upang maibahagi ang ebanghelyo sa kaniya. Isang araw, habang ako'y nananalangin, ako ay pinukaw ng Espiritu na tanggapin na ang kaniyang paanyaya na gumawa ng palayok kasama niya—dahil naunawaan kong ito marahil ang magiging daan upang maibahagi ang ebanghelyo.

Nang sabihin ko sa kaniya na nais kong matutong gumawa ng palayok, siya ay labis na natuwa. Sa unang pagkakataon kong sumama, naging napakaganda ng aming karanasan—at sa hindi inaasahang paraan, nagkaroon ako ng pagkakataong maibahagi ang ilang espirituwal na aral tungkol sa kung paanong si Cristo ang Manglililok (ang Magpapalayok), at tayo ang putik sa Kaniyang mga kamay. Matapos ang sandaling iyon ng



> Naisip ko, "Bakit ko ba kinatok ang bahay na ito? Ang mga taong ito ay maliwanag na gumagawa ng mga bagay na salungat sa Dios at sa Kaniyang salita, kaya bakit ko pa sasayangin ang oras ko at ng mga ito sa isang bagay na tiyak namang hindi nila papansinin?" Subali't wala kailanman sa Biblia ang nagsasabi na tayo ay magkaroon ng ganoong mga maling palagay o paghuhusga tungkol sa mga kaluluwa. Inaanyayahan lamang tayong hanapin at iligtas ang Nawala.

aming pagsasama, nagkaroon ako ng ilang pagkakataon na maghasik ng mga binhi ng ebanghelyo sa paunti-unting paraan sa aming mga pag-uusap—at lalo pang lumalim ang aming pagkakaibigan. Dito ko tunay na naunawaan ang paraan ni Cristo sa pag-akay ng mga kaluluwa:

"Ang tanging paraan lamang ni Cristo ang magbibigay ng tunay na tagumpay sa pag-abot sa mga tao. Ang Tagapagligtas ay nakikisama sa mga tao bilang Isa na nagnanais ng kanilang kabutihan. Ipinakita Niya ang Kaniyang malasakit sa kanila, tinugunan ang kanilang mga pangangailangan, at nakamit ang kanilang pagtitiwala. Pagkatapos ay sinabi Niya, 'Sumunod ka sa Akin.'"[4] Ang paraang ito ay nangangailangan ng pagpapalalim ng ugnayan at pagkamit ng tiwala ng kapwa. Habang nabubuo ang ating pakikipag-kaibigan sa isang tao, mas nagiging madali para sa atin na maibahagi ang ebanghelyo. Hanggang ngayon—makalipas ang sampung taon—ang ginoong iyon at ako ay matalik na magkaibigan pa rin, at patuloy akong nagpupunla ng mga binhi ng katotohanan, umaasang balang araw ay makakasama ko siya sa kaharian ng langit.

Ayon sa kapahayagan, si Cristo mismo ay nagsisikap nang husto para sa ganitong uri ng mga tao, at ipinakita rin Niya kung paano Niya sila inaabot. Si Jesus ay sisinikap ang pakikipagkaibigan sa mga mayayaman at edukadong mga Pariseo, sa mga maharlikang Judio, at sa mga pinuno ng Roma. Tinatanggap Niya ang kanilang mga paanyaya, dumadalo sa kanilang mga piging, at nakikiugnay Siya Mismo sa kanilang gawain at hanapbuhay—upang magkaroon Siya ng daan tungo sa kanilang mga puso at maihayag sa kanila ang kayamanang hindi nasisira."[5]

Tayo rin ay inuutusang abutin sa mga nasa "mga daan" o "mga bakuran." Mula pa sa panahon ni Moises, binanggit ng Biblia: "at ang taga ibang bayan, at ang ulila, at ang babaing bao, na nangasa loob ng iyong mga pintuang-daan, ay magsisiparoon at magsisikain at mangabubusog."—Deuteronomio 14:29. Ayon sa kapahayagan, "Hindi lamang dapat nating isipin ang mga dakila at may kaloob na tao, habang napapabayaan ang mga mahihirap na uri. Inuutusan ni Cristo ang Kaniyang mga sugo na pumunta rin sa mga nasa mga daan at mga bakuran—sa mga dukha at hamak sa lupa." Sa mga hukuman at daanan ng malalaking lungsod, at sa mapanglaw na mga daan sa mga kanayunan, ay may mga pamilya at mga indibidwal—marahil mga dayuhan sa isang banyagang lupain—na walang ugnayan sa iglesya, at sa kanilang pag-iisa ay nararamdaman nilang nakalimutan na sila ng Dios."[6]

## Pagaalis ng ating mga maling palagay

Noong ako ay isang kabataan pa, ako ay nagka-canvass nang halos limang oras bawat araw upang makatulong sa pagbabayad ng aking matrikula sa paaralang tinutuluyan ko. Itinuro sa amin ng aming instruktor ang maraming mahahalagang prinsipyo na matatagpuan sa talinghaga ng malaking hapunan. Isa rito ay dapat nating abutin ang lahat ng uri ng komunidad—hindi lamang ang mga lugar kung saan inaakala nating mas malaki ang tsansang makabenta. Sa isang araw, kami ay pupunta sa mga mayayamang lugar; kinabukasan naman sa mga nasa gitnang antas ng lipunan; at sa ibang araw, sa mga mahihirap na komunidad.

Isang araw, habang ako ay nagka-canvass sa isang mahirap na lugar, nagkaroon ako ng isang karanasang nagbukas ng aking isipan. Habang ako ay papalapit sa pintuan ng isang bahay, ako ay may napansing ilang palatandaang nagpapahiwatig na



Ang huling mensahe ng babala at awa ay magliliwanag sa buong kalupaan ng kaluwalhatian ng Dios. Ito ay aabot sa lahat ng uri ng tao–mayaman o mahirap, mataas man o mababa sa lipunan. Sinabi ni Cristo, "Pumaroon ka sa mga lansangan at sa mga bakuran, at pilitin ninyo silang magsipasok, upang mapuno ang Aking bahay"

may mga mararahas na katangian ang nakatira roon. Dahil ako ay lumaki sa mas malawak na bahagi ng Los Angeles, California, agad kong nakilala ang isang pamilyar na amoy—at tama nga ang aking hinala—nang bumukas ang pinto, nakita ko ang isang grupo ng mga kalalakihan sa sala, umiinom ng alak at naghihithit ng marihuwana. Napansin ko rin sa mga kulay at estilo ng kanilang pananamit na malamang sila ay mga kasapi ng isang gang. Habang sinisimulan ko ang aking pagka-canvass, ang unang pumasok sa isipan ko na tiyak na sasabihin nila, 'Hindi kami interesado!' at pagsasarhan ng pinto sa aking harapan."

Subali't hindi ganoon ang nangyari. Nagawa kong ipaliwanag ang lahat ng apat o limang aklat na dala ko, habang ang lalaki ay matiyagang nakikinig sa akin. Pagkatapos kong magsalita, sinabi niya, "Sandali lang," at pumasok sa loob. Pagbalik niya, may dala siyang dalawampung dolyar, at sinabi, "Kukunin ko 'yang isa," sabay turo sa isang aklat na espirituwal. Nang inabot ko sa kaniya ang sukli (sapagkat noong panahong iyon, sampung dolyar lamang ang halaga ng mga aklat), sinabi niya, "Itabi mo na ang sukli, ipagpatuloy mo ang iyong ginagawa, at pagpalain ka ng Dios!"

Habang ako'y papalayo sa bahay na iyon, pinag-isipan ko ang napakahalagang aral na aking natutunan. Nang una akong lumapit sa pintuang iyon, ako ay may mga maling palagay na agad na nabuo sa isipan ko. Lalo na nang bumukas ang pinto, naisip ko, "Bakit ko ba kinatok ang bahay na ito? Ang mga taong ito ay maliwanag na gumagawa ng mga bagay na salungat sa Dios at sa Kaniyang salita, kaya bakit ko pa sasayangin ang oras ko at ng mga ito sa isang bagay na tiyak namang hindi nila papansinin?" Subali't wala kailanman sa Biblia ang nagsasabi na tayo ay magkaroon ng ganoong mga maling palagay o paghuhusga tungkol sa mga kaluluwa. Ang malinaw na sinasabi nito ay: "Sapagkat ang Anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala."(Lucas 19:10). Tulad ng itinuro sa amin sa mahahalagang bagay tungkol sa maayos na pag-canvass—ang pagiging maayos sa pananamit, mahusay sa pagpapaliwanag, at pagpapanatili ng tamang "eye contact," naniniwala akong ito ang nakaantig sa lalaki. Marahil ay naisip niya, "Ganito dapat ang paraan ng aking pamumuhay," o marahil naman ay, "Susuportahan ko ang binatang ito, sapagkat siya ay nasa tamang landas." Naniniwala rin ako na sa pamamagitan ng aklat na iyon ay naitanim ang binhi ng ebanghelyo sa kaniyang puso—at marahil, nais din niyang lumakad sa tamang landas.

"Ang Dios ay nagbigay ng natatanging utos na ating pahalagahan ang mga taga-ibang lupain, ang mga itinakwil, at ang mga dukhang kaluluwa na mahina sa moral na lakas. Marami sa mga tila lubos na walang pakialam sa mga bagay na espirituwal ay sa kaibuturan ng puso ay nagnanais ng kapahingahan at kapayapaan. Bagaman sila'y maaaring lugmok

sa kalaliman ng kasalanan, mayroong pa ring pag-asa ng kaligtasan para sa kanila. . . .

Sabihin sa mga dukha at naliligaw ng landas na hindi sila dapat mawalan ng pag-asa. Bagaman sila ay nagkamali at hindi nakapagbuo ng matuwid na pag-uugali, kagalakan ng Dios na sila'y maibalik, ang kagalakan ng Kaniyang pagliligtas. Kinalulugdan Niyang kunin ang mga tila walang pag-asang nilalang, yaong mga ginagamit ni Satanas, at gawing mga tagasunod ng Kaniyang biyaya. Nagagalak Siyang iligtas sila mula sa galit na darating sa mga masuwayin. Sabihin sa kanila na mayroong kagalingan at paglilinis para sa bawat kaluluwa. Mayroong isang lugar para sa kanila sa dulang ng Panginoon. Siya ay naghihintay upang sila'y malugod na tanggapin."[7] Napakaganda ng pangakong ito habang ginagawa natin ang gawaing ito! Nais ng Dios na gamitin ikaw at ako upang ibahagi ang Kaniyang ebanghelyo, upang sa pamamagitan nito ay maibalik Niya ayon sa Kaniyang wangis ang mga taong tulad ng lalaki sa kwento sa itaas, at Siya ay naghihintay upang bigyan sila ng lugar sa Kaniyang hapag ang bawat isa na tutugon sa Kaniyang panawagan.

## Ang iba pang nasa "mga daan" o "mga bakuran"

Isa pang natatanging kuwento tungkol sa isang mahal na kaluluwang kabilang sa "mga bakuran" (hedges) ay nangyari makalipas ang ilang panahon, noong ako ay namumuno sa isang programa ng mga kolportor sa estado ng Washington. Mayroong isang batang kapatid na babae sa programa na ang pangalan ay Daisy (ako ay may pahintulot na gamitin ang kaniyang pangalan). Siya ay labis na nasasabik na maranasan at matutunan ang gawain ng canvassing, sapagkat ito ang kaniyang unang pagkakataon. Mayroon siyang malalim na pagnanais na maabot ang mga kaluluwa sa Dios—at dahil ang mga kolportor ay nakapagtatabi rin ng kanilang kinikita, masaya rin siyang makapag-ipon upang makapasok sa missionary school.

Isang araw, habang kaming lahat ay nasa gawain ng pagkakanbas, ikinagulat kong makita si Daisy na masigla at tuwang-tuwa. (Siya ay karaniwang tahimik at mahinahon.) Napag-alaman namin na nagkaroon siya ng magandang karanasan sa isang babae na bumili ng ilang aklat at nagbayad gamit ang isang supot na papel na puno ng pera! Sa kabuuan, may humigit-kumulang $350 sa loob ng supot, na binubuo ng iba't ibang halaga ng salapi. Sa pagkamangha, tinanong siya ng iba pang mga kolportor tungkol sa babaeng ito. Mayaman ba siya?

"Hindi," ang sagot ni Daisy. Sa katunayan, kabaligtaran iyon, hindi rin siya namumuhay sa maginhawang kalagayan." Sa sandaling iyon, ako ay naantig na dalawin ang babae upang pasalamatan siya sa kaniyang kabutihang-loob sa pagtulong kay Daisy at upang kunin ang kaniyang impormasyon upang maipagpatuloy ng lokal na pastor ang pakikipag-ugnayan sa kaniya. Habang ibinabahagi ni Daisy ang lokasyon ng bahay, ako ay pumarada sa tapat ng isang tila marupok at luma ng bahay at lumakad papunta sa pinto. Sa harap ng beranda, may isang batang babae, walang sapin sa paa, mukhang marungis, mga labindalawang taong gulang, na tinitingnan ang ilan sa mga aklat na nabibili pa lamang ng kaniyang ina kay Daisy.

Habang hinihiling ko sa batang babae na tawagin ang kaniyang ina, nakabukas ang pinto, at lumapit ang isang babaeng may kahina-hinalang anyo at trabaho, na agad na nagtanong kung sino ako. Habang ako ay nagpapasalamat sa kaniya sa kaniyang kabutrihang-loob sa ating kapatid na Daisy, maiisip mo kung ano ang mga nasa isip ko. Bakit kaya ang babaeng ito—sa lahat ng tao—ang magbibigay ng ganoon kalaking halagang tulong kay Daisy? At bakit siya interesado sa mga aklat, o sa mga bagay na may kinalaman sa pang-espirituwal?

Subali't hindi nagtagal, ay nasagot ang aking mga tanong. . . . Tinanong ko siya kung maaari kong iwanan pa ng ilang karagdagang mga aklat, dahil may iba pa kaming dala na hindi pa niya natatanggap—lalo na't napakalaki nang kaniyang naibigay. Tinanong ko rin kung maaari kong kunin ang kaniyang contact number upang maipagpatuloy ng lokal na pastor ang pakikipag-ugnayan, gaya ng makapag-alok ng panalangin o pag-aaral ng Biblia at iba pa.

Ngunit tumanggi siya na hindi niya ibibigay ang kanyang numero para sa mga pag-aaral ng Biblia o sa mga ganoong bagay, subali't handa siyang ibigay para sa isang dahilan. Ipinahayag niya na siya ay lubos na napahanga sa kapatid na si Daisy, sa kaniyang magandang ugali, at pagnanais na sumunod sa Dios at mag-aral sa missionary school, na bilang isang solong magulang, nais niyang maranansan ng kaniyang anak ang ganoon ding bagay. Hiniling niya sa akin na isama ang kaniyang anak sa programa ng mga kolportor. Ipinaliwanag ko na medyo bata pa ang kaniyang anak para sa opisyal na programa, ngunit ipinangako kong isasama pa rin namin siya—at susunduin namin siya upang makasama sa aming mga lakad at gawain tuwing panahon ng pahinga.

Pagkaraan niyon, sinabi ng babae, "Sandali lamang." Siya ay pumasok sa loob ng bahay, at

pagkabalik niya, dala na naman ang isang supot na papel na puno ng pera(humigit-kumulang $350 muli). Dahil kinailangang kong umalis sa programa sa loob ng isang linggo nang gabing iyon, ipinabatid sa akin ni Daisy at ng mga naiwan sa pangangasiwa na dalawang beses nilang nasundo ang batang babae upang maisama sa ilang mga lakad—at sa mga pagkakataong iyon, naipunla ang binhi ng ebanghelyo.

Habang binabalikan ko ang kuwentong ito, naaalala ko ang kuwento ni Maria Magdalena habang siya ay nasa bahay ni Simon. Ang babaeng ito, gaya ni Maria, ay handa ring ibigay ang lahat ng mayroon siya alang-alang sa pagkakataong makamtan ang walang hanggang kayamanan ng biyaya ng kaharian ng Diyos para sa kaniyang anak. Sa ating paglalakbay sa pananampalataya, habang tayo'y nakakatagpo ng mga kaluluwang gaya ng babaeng ito, o ng lalaking binanggit sa naunang kuwento, nararapat nating tanungin ang ating mga sarili: "Ako ba—tayo ba—ay tulad ni Simon na Fariseo, na punô ng panghuhusga at pagkondena? O tayo ba ay gaya ni Cristo?"

"Ang punong-abala sa piging ay tumalikod sa mga tumangging pahalagahan ang kaniyang paanyaya, at inanyayahan naman ang mga dukha, ang mga nagugutom, at yaong mga magpapahalaga sa mga biyayang inihanda. Sinabi ni Cristo, 'Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ang mga maniningil ng buwis at ang mga patutot ay nangauuna sa inyo ng pagpasok sa kaharian ng Dios' (Mateo 21:31). Gaano man kasama ang mga nilalang na tinalikuran ng lipunan, hindi sila kailanman napakababa, o lubos na masama para sa paglingap at pag-ibig ng Dios. Si Cristo ay nananabik na lumapit sa Kaniya ang mga taong pagód na pagod, nanghihina, at inaapi. Ang pinakamasahol na makasalanan man ay mga layunin ng Kaniyang malalim, taimtim na pagkahabag at pag-ibig."8

## Konklusyon

Mga minamahal kong kapatid na babae at lalaki at mga kabataan! Tutugon ba kayo sa panawagan ng Panginoon na hanapin at iligtas ang mga nawawala? Ang paanyaya ng ebanghelyo ay dapat maipahayag sa buong sanlibutan— "sa bawat bansa, angkan, wika, at bayan" (Apocalipsis 14:6). Ang huling mensahe ng babala at awa ay magliliwanag sa buong kalupaan ng kaluwalhatian ng Dios. Ito ay aabot sa lahat ng uri ng tao—mayaman o mahirap, mataas man o mababa sa lipunan. Sinabi ni Cristo, "Pumaroon ka sa mga lansangan at sa mga bakuran, at pilitin ninyo silang magsipasok, upang mapuno ang Aking bahay" (Lucas 14:23). Isa sa mga pinakamagandang paraan upang tuparin ang panawagang ito ay ang ipadala ninyo ang inyong mga anak, apo, pamangkin, o kabataan sa mga programa ng mga kolportor at sa mga missionary school, kung saan sila ay sasanaying maibahagi ang ebanghelyo nang may lakas ng loob at pag-ibig. Kayo rin ay maaaring pagpalain at tuparin ang inyong pagkatawag sa pamamagitan ng pagtaguyod ng mga ugnayan sa inyong komunidad—maging sila man ay mayayamang propesyonal, mga naghihirap na kapitbahay, o yaong mga malayo sa pananampalataya—sa pamamagitan ng pagpapakita ng pag-ibig ni Cristo sa mabubuting gawa, tulong sa pangangailangan, mga salitang nagbibigay pag-asa, o pakikinig nang may malasakit. Ibahagi ang mga pagpapala—tulad ng pagkain, damit, o mga aklat na espirituwal—sa mga taong nakalimutan o tinatanggihan ng lipunan. At huwag ding kaligtaan ang mga edukado at makapangyarihan, na maaaring maabot sa mga makabuluhang talakayan tungkol sa mga katotohanang walang hanggan. Sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa lahat ng tao, gaya ng ginawa ni Cristo, maaari nating makamit ang kanilang tiwala at anyayahan sila sa Malaking Hapunan.

Nawa'y gamitin ng Panginoon ang bawat isa sa atin—sa pamamagitan ng organisadong paglilingkod at personal na pagpapatotoo—upang maisakatuparan ang Dakilang Atas (Mateo 28:19–20) at maging ilaw ng sanlibutan habang tayo'y nagpapatuloy, na inaanyayahan ang iba sa Malaking Hapunan. Amen!

**References:**

1 Christ's Object Lessons, pp. 222, 223.
2 Ibid., p. 226.
3 Ibid., pp. 229, 230.
4 The Ministry of Healing, p. 143.
5 Ibid., pp. 24, 25.
6 Christ's Object Lessons, pp. 232, 233.
7 Ibid., p. 234.
8 Ibid., pp. 225, 226.



BIYERNES, DISYEMBRE 12, 2025

# "PINAGALING KA NG IYONG PANANAMPALATAYA"

NI RICARDO GAIYE - ANGOLA

"'Kung mahipo ko man lamang ang kaniyang damit, ay gagaling ako.' Mateo 9:21." Isang abang babae ang nagsabi ng mga salitang ito—isang babae na labindalawang taon nang nagdurusa sa karamdaman na naging pabigat sa kaniyang buhay. Naubos na niya ang lahat ng kaniyang ari-arian sa mga manggagamot at sa mga panlunas, ngunit idinedeklara lamang nila na siya ay hindi na gagaling. Subali't nang marinig niya ang tungkol sa Dakilang Manggagamot, muling nabuhay ang kaniyang pag-asa. Inisip niya, "Kung makalapit lamang ako sa Kaniya at makausap Siya, maaaring ako ay gagaling."

Si Cristo noon ay papunta sa bahay ni Jairo, ang rabing Judio, na nakiusap sa Kaniya na pagalingin ang kaniyang anak na babae. Ang nakakadurog-pusong panalangin niya ay, "Ang aking munting anak na babae ay naghihingalo: ipinamamanhik ko sa iyo, na ikaw ay pumaroon at ipatong mo ang iyong mga kamay sa kaniya, upang siya'y gumaling, at mabuhay" (Marcos 5:23), ay umantig sa mahabagin at maunawaing puso ni Cristo, kaya't agad Siyang sumama kay Jairo patungo sa kanilang tahanan.

Ngunit mabagal ang kanilang paglalakad, sapagkat dagsa ng tao sa paligid ni Jesus. Sa pagdaan Niya sa karamihan, napalapit ang Tagapagligtas sa babaeng may karamdaman. Paulit-ulit na sinisikap ng babae na makalapit sa Kaniya ngunit nabibigo siya. Ngayon, dumating na ang kaniyang pagkakataon. Wala siyang nakikitang paraan upang makausap Siya. Ayaw din niyang hadlangan ang Kaniyang paglalakad. Subali't narinig niyang may kagalingang nagmumula kahit sa paghipo lamang sa Kaniyang kasuotan, at, sa takot na mawalan ng pagkakataon, pinilit niyang sumiksik sa karamihan, habang sinasabi sa sarili, "Kung mahipo ko man lamang ang kaniyang damit, ay gagaling ako."

Nalalaman ni Cristo ang nilalaman ng kanyang isipan. At Siya ay patungo sa kinaroonan ng babae. Nauunawaan Niya ang matinding pangangailangan niya, at tinutulungan Niya siyang gamitin ang pananampalataya.

"Habang Siya'y dumaraan, iniunat ng babae ang kaniyang kamay at bahagyang nahipo ang laylayan ng Kaniyang kasuotan. Sa mismong sandaling iyon, nalaman niyang siya ay gumaling. Sa isang paghipong iyon, nakapaloob ang pananampalataya ng kanyang buong buhay, at kaagad nawala ang kaniyang sakit at panghihina. Agad niyang naramdaman ang tila kuryenteng dumadaloy sa bawat hibla ng kaniyang katawan. Nadama niya sa kaniyang buong pagkatao ang ganap na kagalingan. 'Naramdaman niyang siya'y pinagaling sa karamdamang iyon.' Talatang 29.

Ang mapagpasalamat na babae ay nagnanais sanang magpahayag ng pasasalamat sa Makapangyarihang Manggagamot, na sa isang paghipo lamang ay nagawa ang higit pa kaysa sa ginawa ng mga manggagamot sa loob ng labindalawang taon. Subali't siya ay hindi nangahas magsalita. Taglay ang pusong puno ng pasasalamat, sinikap niyang lumayo nang tahimik sa karamihan. Subali't biglang huminto si Jesus, tumingin sa paligid, at nagtanong: "Sino ang humipo sa Akin?"

Sa gulat, sinabi ni Pedro, "Guro, iniimpit ka at sinisiksik ka ng karamihan, at sinasabi Mo, Sino ang humipo sa Akin?" (Lucas 8:45)

Subali't sinabi ni Jesus, "May humipo sa akin, sapagka't naramdaman ko na may umalis na bisa sa akin." (talatang 46). Alam ni Cristo ang pagkakaiba ng paghipong may pananampalataya sa karaniwang paghipong walang layunin ng maraming mga taong nakapaligid. May isang taong humipo sa Kaniya nang may matinding layunin—at siya ay tumanggap ng pagtugon.

Hindi tinanong ni Cristo ang katanungang iyon para sa Kanyang sariling kaalaman. May aral Siyang nais ipabatid sa mga tao, sa Kanyang mga alagad, at sa babae. Nais Niyang bigyang pag-asa ang mga nagdaranas ng sakit. Nais Niyang ipakita na ang pananampalataya ang nagdadala ng kapangyarihang nagpapagaling."1

## Ang aking karanasan noong ako ay may karamdaman

Noong 1996, ako ay nagkasakit ng malubha—halos nakabitin na ang aking buhay at nakapit na lamang sa isang hibla. Handa akong magpagamot sa alinmang pampubliko o pribadong ospital, sa kabila ng kanilang pamamaraan na nakabatay sa mga karaniwang panggagamot na madalas ay nakabatay sa mga tradisyong may espiritismo. Subali't sa probidensya ng Dios, ako ay nadala sa isang institusyong pangkalusugan na laging bukas—araw at gabi. Doon ako nanatili nang higit sa isang taon.

Sa institusyong iyon, ang paraan ng pagpapagaling na kanilang itinuturo ay lubhang naiiba sa aking inaasahan. Sa unang ilang mga buwan, ang reseta ay kumain ng mga hilaw na pagkain, mag-aral ng Salita ng Dios, at makinig sa mga lektura. Makalipas ang halos kalahating taon, matapos unang pagtuunan ng mga tagapangalaga roon ang pagpapagaling ng aking kaluluwa, saka pa lamang dumating ang pisikal na kagalingan. Unti-unting gumaling ang dalawang pangunahing karamdaman na naghatid sa akin papunta sa institusyong iyon noong una.

Sa panahong ako ay naroon, mayroon ding isang batang pasyente na naroon, kasama ang kaniyang lola. Matindi ang kaniyang karamdaman. Siya ay nasa malubhang kalagayan, hindi makagalaw, at hindi maalagaan ang sarili, kaya't kinailangan niya ng patuloy na atensyon at pag-aalaga. Sa mga huling araw ng kaniyang buhay, nanatili siyang nakaratay sa higaan, tumatanggap ng pangangalaga at suporta habang tinitiis ang matinding paghihirap na dulot ng kaniyang matinding komplikasyon sa kalusugan.

Ang kaniyang lola, na isang mapanalangining tao, ay napahagulgol sa kandungan ng kaniyang apo. Ang batang babae ay halos nakahingi na ng tulong sa lahat ng malalaking ospital at sinubukan na ang lahat ng posibleng panlunas na maaaring ibigay, subali't hindi pa rin niya malampasan ang karamdamang kaniyang nararanasan. Bilang huling hakbang, mahigpit na ipinakiusap ng lola sa kaniyang apo na ipahayag sa Dios ang kaniyang mga kasalanan, na may matinding pinanghahawakan ayon sa karunungang biblikal na, "ang sumpa na walang kadahilanan ay hindi tumatalab." (Kawikaan 26:2, huling bahagi).

"Si Satanas ang pinagmulan ng sakit; at ang manggagamot ay nakikipaglaban laban sa kaniyang mga gawa at kapangyarihan. Ang karamdaman ng isipan ay laganap sa lahat ng dako. Siyam sa bawat sampung sakit na dinaranas ng mga tao ay mula sa isipan. Marahil ang ilang suliranin sa tahanan, tulad ng isang kanser, ay sugat na unti-unting kinakain ang kaluluwa at pinahihina ang buhay. Ang matinding pagsisisi dahil sa nagawang kasalanan ay sumisira sa katawan at nagdudulot ng kawalan ng balanse sa isipan."2

Ang taimtim na pakiusap ng mapanalangining lola ay labis




**Tunay nating tinatamasa ang natatanging pribilehiyo na mapagkalooban ng mga aral na nakapaloob sa Espiritu ng Hula. Sa aklat na ito, malinaw na ipinapahayag ng Panginoon kung paano tayo dapat kumain, manamit, makitungo sa kapwa, at mamahala sa ating mga gawain. Taglay din nito ang pinakamabuting patnubay para sa emosyonal at espirituwal na kalakasan.**

na nakaantig sa puso ng batang babae. Bigla, sa pagkagulat ng lahat, ay bigla niyang ipinahayag ang isang mabigat na kasalanan na nagawa niya sa kaniyang buhay na isang lantarang pagsuway sa Dios. Bunga ng pagkilos na iyon noong siya'y kabataan pa, naramdaman niya na tila siya'y nabubuhay sa ilalim ng isang sumpa, na kalaunan ay nagpakita sa anyo ng kaniyang malubhang karamdaman. Sa loob ng mahabang panahon, umasa siya na gagaling sa pamamagitan ng gamot, subali't lalo lamang lumala ang kaniyang kalagayan.

Ngayon, naramdaman ng dalaga ang pangangailangang harapin ang katotohanan tungkol sa kasalanang matagal nang bumabagabag sa kaniyang kaluluwa—inamin niya ang malalim niyang pangangailangan kay Cristo, ang tanging Tagapagligtas ng mga makasalanan. Sa sandaling iyon, ang mga nakarinig sa kaniyang masaklap na kasaysayan ay taimtim na nanalangin para sa kanyang kapakanan.

Mula sa karanasang ito, may mahalagang aral tayong matututunan:

"Ang manggagamot ay nangangailangan ng higit pa sa karunungan at kapangyarihan ng tao upang matulungan ang maraming mga masalimuot na karamdaman ng puso't isipan na kaniyang haharapin. Kung siya ay walang kaalaman sa kapangyarihan ng banal na biyaya, hindi niya matutulungan ang mga may karamdaman, kundi lalo pa niyang palalalain ang kalagayan; subali't kung siya ay nakakapit ng matibay sa Dios, magagawa niyang tulungan ang mga may karamdaman at balisang isipan. Magagawa niyang ituro ang kanyang mga pasyente kay Cristo at turuan silang ilagak ang lahat ng kanilang alalahanin at kabalisahan sa Dakilang Tagapagdala ng Pasan."

"Mayroong itinalagang banal na pagkaka-ugnay sa pagitan ng kasalanan at karamdaman. Walang manggagamot na makapagsasagawa ng kaniyang tungkulin kahit isang buwan lamang nang hindi ito nakikita sa kaniyang karanasan. Maaari niyang ipagsawalang-bahala ang katotohanang ito, o gawing abala sa ibang mga bagay ang kaniyang isipan kaya't hindi niya ito napapansin; subali't kung siya ay magiging mapanuri at matapat, hindi niya maikakaila na ang kasalanan at karamdaman ay magkaugnay bilang sanhi at bunga. Ang manggagamot ay dapat maging mabilis sa pagkilala nito at kumilos nang naaayon sa pangangailangan. Kapag nakuha na niya ang tiwala ng maysakit sa pamamagitan ng pagpapagaan ng kanilang paghihirap at pagbabalik sa kanila mula sa bingit ng kamatayan, maaari na niyang ituro sa kanila na ang sakit ay bunga ng kasalanan, at ang nahulog na kaaway (si Satanas) ang nagsisikap na akitin sila sa mga gawaing sumisira sa kalusugan at kaluluwa. Maaari niyang ikintal sa kanilang isipan ang kahalagahan ng pagtanggi sa sarili at pagsunod sa mga batas ng buhay at kalusugan. Lalo na sa isipan ng mga kabataan, maaari niyang ituro ang mga tamang prinsipyo ng pamumuhay. Iniibig ng Dios ang Kaniyang mga nilalang ng pag-ibig na kapwa may pagkahabag at makapangyarihan. Siya ang nagtatag ng mga batas ng kalikasan, ngunit ang Kaniyang mga batas ay hindi mga mahigpit na utos na walang dahilan. Ang bawat salitang "Huwag kang," maging sa batas na pisikal man o moral na kautusan, ay may kalakip na pangako."3

Matapos ipahayag ng dalagang nasa institusyon ang kaniyang mga kasalanan sa Dios, makikita sa kaniyang mukha ang malalim na kapayapaan. Lahat tayo ay nakaunawa na ang kapayapaang iyon ay hindi nagmula sa kaniyang sarili, kundi sa makalangit na kapayapaang matatagpuan lamang kay Jesu-Cristo.

Oo, pagkalipas ng ilang panahon, ang mga malulubhang sintomas ng kaniyang karamdaman ay unti-unting nawala. Subali't sa mga sandaling iyon ay sinabi niya: "Ngayon ay kailangan ko ng magpahinga. Pakiusap, kailangan ko ng magpahinga. Kailangan ko ng magpahinga." Tiningnan niya ang lahat ng kaniyang mga paghihirap bilang bunga lamang ng dating mapaghimagsik na pamumuhay, subali't ngayon ay nakita na niya ang kagandahan at walang hanggang karunungan ng Makapangyarihang Dios, na sa Kaniyang mapagmahal na pangangalaga ay natagpuan niya ang tunay na kapahingahan. Hindi nagtagal, siya ay pumanaw—nang mapayapa, sa Kaniyang magiliw na habag.

## Ang plano ni Cristo para sa kagalingan

Si Cristo ay nananabik na magbigay ng pag-asa sa mga nagdurusa, at ipakita na ang pananampalataya sa Kaniya ang nagdudulot ng kagalingan at pagbabalik ng kalusugan ng kaluluwa at katawan.

Sa buong mundo, milyun-milyong tao ang nangangailangan ng tulong—mula sa pinakasimpleng kaso hanggang sa pinaka-kumplikadong kalagayan. Ngunit ano ang pinakapangunahing suliranin? Ang mang-aawit ay ibinibigay sa Dios ang espirituwal na aspeto: " Walang kagalingan sa aking laman dahil sa iyong pagkagalit; ni may kaginhawahan man sa aking mga buto dahil sa aking kasalanan."—Awit 38:3

Karamihan sa atin ay alam na mahalagang sundin ang tamang pagkain—batay sa mga prutas, gulay, at malinis na tubig—gayundin ang pag-eehersisyo, pagpapahinga, pagbibilad sa araw, at paglanghap ng sariwang hangin. Subalit marahil ang pinakamahalaga sa lahat ay ang kalusugan ng isipan at espiritu, na madalas nating napapabayaan.

Marami ang mahigpit sa kanilang pagkain, maingat sa pagpili ng mga kinakain, at kung minsan pa nga ay nagdaragdag ng mga suplementong nutrisyon. Ang iba nama'y maagang gumigising, o bago matulog ay nage-ehersisyo nang masigasig. Subali't sa kabila nito, pinapakain naman nila ang kanilang puso ng pagmamataas, kapalaluan, pita ng laman, kawalan ng malasakit, at paghamak ng kapwa, nakakaligtaan nila ang pinakamagandang ehersisyo sa buong mundo (ay ang missionary work—ang ebanghelyo na habang ang ating mga paa sa lupa, sa paglalakad, ay nagmamadali, tumatakbo upang maihatid ang mabuting balita.)

Mayroon ding mga maingat na natutulog nang maaga upang alagaan ang kalusugan ng kanilang katawan at emosyon—na tiyak, isang mabuting gawain at hindi naman mali. Subali't sa gitna ng kanilang trabaho, negosyo, o pag-aaral, ang lahat ng motibo sa mga gawaing iyon ay maaaring pinapatakbo ng makasarili at sakim na hangarin para sa pansariling pakinabang at kaluguran sa mundong ito na lumilipas. Hindi sila handang gumawa ng parehong pagsasakripisyo pagdating sa gawaing misyonero, ang pagtulong sa mga may kapansanan, sa mga maysakit, at sa mga nakararanas ng dalamhati sa kamatayan o sakuna. Dahil sa ganitong mga nakagawian, sa maraming kalagayang hindi na mababawi, madalas silang nagkakaroon—kapwa ng maikli at mahabang panahong—pagkakasakit, gayundin ng pisikal, mental, at espirituwal na karamdaman sa kanilang sarili.

Ang tunay na pinagmumulan ng kalusugan ng katawan, isipan, at espiritu ay ang Dios, ang mapagmahal na Ama, at si Jesus, ang Dakilang Manggagamot. Ang ugnayan ng isipan ng tao sa isipan ni Cristo na nagbibigay-sigla sa isipan, sa kaluluwa, sa mga neuron, at sa mga mahahalagang bahagi ng katawan, ay nagbibigay-sigla rin sa buong katawan—na humahadlang sa karamdaman at nagpapagaling sa mga may sakit na katawan.

## Pagbunot ng ugat ng kapaitan sa puso

Bilang isang kolportor, ako ay inanyayahang magbigay ng isang mensahe sa printing center ng isang malaking bangko sa bansa. Ipinakilala ko sa kanila ang ating mga aklat, kabilang na ang "Steps to Christ." Pagkatapos ng aking pananalita, dinala ako ng direktor ng departamento sa kaniyang opisina at ipinakilala sa akin ang isang payat at anemic na binata, mahaba ang buhok, may kapansanan sa mukha, at may bukol sa tuhod—siya ay umiika-ika at halatang hirap na hirap gumalaw. Dumaranas siya ng matinding pananakit sa dibdib at likod.

Tinanong ko siya kung bakit siya naroroon sa gayong kalagayan, at isinalaysay niya na sila ay nakatira noon kasama ng kaniyang ama, ina, at tatlong nakababatang kapatid. Subali't nang magkasakit nang malubha ang kaniyang ama at tuluyang pumanaw, ang isa sa mga matatalik na kaibigan ng kaniyang ama ay nagsuhol sa mga awtoridad at pineke ang mga dokumento ng bahay na tinitirhan ng kanilang pamilya sa gitna ng lungsod, na inaangkin sa korte na kanilang pag-aari ang bahay. Pumanig ang hukuman sa kaniya, kaya't pinaalis ang buong pamilya sa kanilang tahanan at iniwan sa lansangan.

Ngayon, wala nang mapuntahan ang kawawang pamilyang ito, at maging ang kanilang mga kamag-

anak ay wala nang malasakit sa kanila. Hanggang sa isang araw, sa hindi inaasahang pagkakataon, isang lalaki ang dumating at tinulungan silang makahanap ng isang lumang barung-barong malapit sa palengke, kung saan nila sinimulan ang buhay sa lubos na kahirapan.

Ang mapait na karanasang ito ay nagdulot ng matinding galit at hinanakit sa puso ng binata. Ang tatlo niyang kapatid ay napilitang tumigil sa pag-aaral dahil sa kakulangan sa pananalapi. Ang kaniyang ina ay nagkaroon ng matinding sakit sa pag-iisip, mataas na presyon, at nawalan pa ng paningin. At dahil sa labis na trauma, ang isa niyang kapatid ay nagkaroon ng epilepsy. Ngayon, bagaman ang binata ay maysakit din, siya na lamang ang nakapagtataguyod kahit kaunti sa kaniyang pamilya. Dahil sa mahinang kalusugan, napilitan siyang tumigil sa pag-aaral sa unibersidad, at wala ni isang kompanya ang nais siyang tanggapin sa trabaho.

Subali't ang tagapamahala ng bangko, na isang mahabagin at mabait na ginoo, ay inanyayahan siyang magtrabaho sa kaniyang departamento—upang mag-ayos ng mga papel, kahon, at basura. Tuwing katapusan ng buwan, kapag natatanggap ng tagapamahala ang kaniyang sahod, nagbibigay siya ng kaunting halaga sa binata. Sinabi ng binata na inaantay niyang maoperahan ang kaniyang tuhod, marahil upang putulin na ang kanyang binti, subali't hindi ito natutuloy dahil sa kakulangan ng pera. Doon ko siya ipinakilala kay Jesu-Cristo, ang Panginoon na nagpapagaling ng kaluluwa. Lubos siyang nagpasalamat at kinuha ang aklat upang basahin. Pagkaraan ng isang linggo, muli ko siyang dinalaw at ipinakilala ko sa kaniya ang kapatawaran ni Cristo. Habang lumuluhang nakikinig, malugod niyang tinanggap ito. Pagkatapos, tinanong ko siya kung handa na ba siyang patawarin ang taong nagdulot ng paghihirap sa kanilang pamilya.

"Paano ko mapapatawad ang taong nagdala ng napakaraming kapighatian sa akin, sa aking ina, at sa aking mga kapatid?" tanong niya. Ako ay nakiusap sa kaniya na hayaan ang Dios na kumilos sa kaniyang puso at ipagkatiwala sa Panginoon ang labang ito.

Pagkaraan ng ilang panahon, sa huli ay pumayag siyang magpatawad. Pag-uwi ko, ikinuwento ko ito sa aking asawa, na nag-aaral noon ng medisina. Kumuha siya ng isang timba, naghanda ng putik, at nagbalot ng ilang sako ng tuyong putik, repolyo, at sibuyas. Dinala naming lahat ito sa bahay ng binata. Sinimulan ng aking asawa ang paggamot sa pamamagitan ng pagpahid ng putik sa tuhod ng binata at pagbibigay ng mga tagubilin mula sa Espiritu ng Hula tungkol sa pag-iwas sa mga mapaminsalang pagkain at sa masaganang paggamit ng sariwa, natural, at pagkaing mula sa mga halaman. Kasabay nito, nagbibigay din kami ng gamot sa kaniyang kapatid na lalaki at ina.

Tunay nga, ginagamit ng Panginoon ang mga natural na gamot bilang mga kasangkapan sa pagpapagaling, subali't ang susing elemento sa proseso ng pagpapagaling ay ang madalas na dapat maunawaan din ang mga sumusunod:

"Isa sa mga pinakakaraniwang kasalanan, at may pinakamasamang bunga, ay ang pagpapakabuyo sa hindi mapagpatawad na espiritu. Ang ilan ay nagkikimkim ng galit at paghihiganti at pagkatapos ay lumuluhod sa Dios upang humiling ng kapatawaran—gaya ng pagpapatawad nila sa iba! Tiyak na wala silang tunay na pagkaunawa sa bigat ng panalanging ito, sapagkat kung nauunawaan nila, hindi nila ito makakayang bigkasin. Tayo ay umaasa sa habag ng Dios sa bawat araw at bawat oras; kung gayon, paano natin nagagawang magkimkim ng kapaitan at galit laban sa ating kapwa-makasalanan!"4

## Ang may pinakamaraming pribilehiyo sa mundo

Tayo ang mga taong may pinakamaraming pribilehiyo sa kasaysayan ng sanlibutan. Tayo ay nabubuhay sa panahon ng pinakadakilang banal na liwanag sa pamamagitan ng Bibliya at ng Espiritu ng Hula. Tunay nating tinatamasa ang natatanging pribilehiyo na mapagkalooban ng mga aral na nakapaloob sa Espiritu ng Hula. Sa aklat na ito, malinaw na ipinapahayag ng Panginoon kung paano tayo dapat kumain, manamit, makitungo sa kapwa, at mamahala sa ating mga gawain. Taglay din nito ang pinakamabuting patnubay para sa emosyonal at espirituwal na kalakasan. Kailangan nating maging masigasig na mga manggagawa upang maipahayag ang mga aral na ito sa lahat, sikaping mapigilan ang paggamit ng mga kumplikado at labis na naprosesong pagkain, at iwasan ang mga prinsipyo ng sanlibutan at siyentipikong pahayag na walang batayan sa Salita ng Dios at sa Espiritu ng Hula. Dapat nating hanapin ang malalim na pakikipag-ugnayan sa Dios, ang tanging ganap na Tagapagkaloob ng ating pisikal at pangkaisipang kagalingan.

## Ang tunay na Pinagmumulan ng kagalingan

"Sa Kaniyang mga himala, ipinakita ng Tagapagligtas ang kapangyarihang patuloy na kumikilos para sa kapakanan ng tao—upang siya ay palakasin

at pagalingin. Sa pamamagitan ng mga likas na kasangkapan, ang Dios ay gumagawa araw-araw, oras-oras, bawat sandali, upang panatilihin tayong buhay, palakasin, at ibalik ang ating kalusugan. Kapag ang alinmang bahagi ng katawan ay nagtamo ng pinsala, kaagad na nagsisimula ang proseso ng pagpapagaling; ang ahensya ng kalikasan ay kumikilos upang ibalik ang kalakasan at kagalingan. Subali't ang kapangyarihang gumagawa sa pamamagitan ng mga ito ay kapangyarihan ng Dios. Ang lahat ng nagbibigay-buhay na lakas ay nagmumula sa Kaniya. Kapag ang isang tao ay gumaling mula sa karamdaman, ang Dios ang Siyang nagpapagaling sa kaniya.

"Ang sakit, pagdurusa, at kamatayan ay gawa ng kapangyariha ng kaaway. Si Satanas ang tagawasak; subali't ang Dios ang tagapagpanumbalik.

"Ang mga salitang sinabi ng Dios sa Israel ay totoo pa rin ngayon sa lahat ng nakakatanggap ng kagalingan—maging sa katawan o sa kaluluwa: 'Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo.' (Exodo 15:26).

"Ang hangarin ng Dios para sa bawat tao ay ipinahayag sa mga salitang ito: 'Minamahal, aking idinadalangin na sa lahat ng mga bagay ay guminhawa ka at bumuti ang iyong katawan, na gaya ng pagginhawa ng iyong kaluluwa.' (3 Juan 2).

"Na siyang nagpapatawad ng iyong lahat na mga kasamaan; na siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit; Na siyang tumutubos ng iyong buhay sa pagkapahamak: na siyang nagpuputong sa iyo ng kagandahang-loob at malumanay na mga kaawaan.' (Awit 103:3–4)."[5]

Sa mga kuwentong ito at sa mga talatang ito, malinaw nating nakikita ang isang katotohanan: Ang espirituwal na kagalingan ay may malaking papel sa pagtulong sa pisikal na kagalingan. Ang pananampalataya at pagsisisi ay may kapangyarihang magpatibay sa katawan sa isang natatanging paraan. Ang babaeng humipo sa laylayan ng kasuotan ni Jesus ay gumaling dahil sa kaniyang pananampalataya, ipinapakita niya sa atin na tayo man ay kinakailangang lumapit sa Kaniya. Kapag binuksan natin ang ating pusong wasak at sugatan upang tanggapin ang Kaniyang awa, mararanasan natin ang katotohanang: 'Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan.' (1 Juan 1:9). 'Kaniyang pinapananauli ang aking kaluluwa: pinapatnubayan niya ako sa mga landas ng katuwiran alangalang sa kaniyang pangalan.' (Awit 23:3).

Ano kaya ang pumipigil sa inyo upang maranasan ang dakilang kapayapaang iniaalok ng Diyos? Sinasaliksik niyo na ba ang inyong puso upang makita kung mayroong kasalanang hindi mo pa pinagsisihan, o pasaning patuloy pang dala-dala? Marahil ay ang pagmamataas ang humahadlang sa iyo upang lubos mong maranasan ang Kaniyang biyaya. Pag-isipan niyo ito: Ano ang kailangan mong bitiwan upang ikaw ay lubos na gumaling? Anong lihim na pakikibaka ang pumipigil sa iyo upang matagpuan ang kapayapaan? Nakikita ng Dios ang lahat ng ito, at ang Kaniyang mahabaging pagpapagaling ay nakahanda sa sinumang lalapit sa Kaniya nang may kababaang-loob.

Lumapit kay Cristo—ang Dios na nagpapagaling ng kaluluwa at katawan. Ipahayag ang inyong mga kasalanan, bitiwan ang mga bagay na humahadlang sa inyong kagalingan, at magtiwala sa Kaniyang walang hanggang kapangyarihan. Mararanasan niyo ang kapayapaan at ganap na kagalingan. Sapagkat Kaniyang ipinangako: "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo." (Exodo 15:26). At ang Kaniyang salita kailanman ay hindi nabibigo. Hanapin muna ang kagalingan ng kaluluwa sa pamamagitan Niya na nagpasan ng ating mga sakit at kapighatian, at ang lahat ng iba pa ay maisasaayos na ayon sa Kaniyang kalooban. Amen.

**References:**


[1] The Ministry of Healing, pp. 59, 60.
[2] Testimonies for the Church, vol. 5, pp. 443, 444. [Emphasis added.]
[3] Ibid., p. 444.
[4] Ibid., p. 170.
[5] The Ministry of Healing, pp. 112, 113.



# ISINILANG AT HINUBOG UPANG MAGLINGKOD

NI CRISTIAN PAULESCU – ROMANIA

## Bakit Isang daang taon?

"Ang iglesia ay ang itinalagang ahensya ng Dios para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Ito ay inorganisa para sa paglilingkod, at ang misyon nito ay dalhin ang ebanghelyo sa buong sanlibutan. Mula pa sa simula, ito na ang plano ng Di os na sa pamamagitan ng Kaniyang iglesia ay maipakita sa sanlibutan ang Kaniyang kapuspusan at ang Kaniyang kasapatan. Ang mga kaanib ng iglesia, yaong mga tinawag Niya mula sa kadiliman patungo sa Kaniyang kamangha-manghang liwanag, ay dapat magpahayag ng Kaniyang kaluwalhatian."1

Bilang huling pamana bago ang Kaniyang pag-akyat sa langit, ang ating Panginoong Jesu-Cristo ay ibinigay ang dakilang tagubilin sa Kaniyang bayan. Sa pamamagitan ng dakilang kapahayagang iyon, itinatag ang iglesia sa makasalanang mundong ito upang gumawa para sa pagkahikayat ng mga kaluluwa. Ang iglesia ay binigyan ng tungkuling ipahayag ang walang hanggang ebanghelyo sa bawat tao. Ang panahon, mga talento, at mga yaman ay ipinagkatiwala sa atin—lahat ay may iisang layunin: bilang kanilang pinakamataas na layunin.

Habang ating pinagmamasdan ang kalunos-lunos na kalagayan ng ating sanlibutan, bilang iglesia ni Cristo, dapat nating suriin ang ating mga sarili sa mga tanong na ito: "Hindi ba't marami pa tayong dapat gawin para kay Cristo? Hindi ba't may malaking tungkulin tayong tila nakakaligtaan? Hindi ba't tayo'y nakipagtipan kay Jesus na tila hindi pa natin lubos na natutupad?"

Madalas tayong nagtatago sa likod ng mga pagdadahilan, subali't ang tunay na problema ay hindi Komunismo, hindi Romanismo, ni hindi Liberalismo, at hindi rin Modernismo. Ang tunay na problema ay ang natutulog na Kristiyanismo! "Ang akin bang ginagawa ngayon ay may kabuluhan para sa walang-hanggan? Tunay bang ito'y nagsusulong sa layunin ni Cristo?" Sapagkat kung hindi, anuman ang ating piliing gawin, ito'y mawawalan ng saysay. May nagsabi: "Hindi nilayon ng Dios na ang iglesia ay maging isang tulad ng refrigerator kung saan ang kabanalan ay itinatago upang hindi mabulok; bagkus, ito'y dapat maging isang incubator na magluluwal ng mga bagong mananampalataya."

## Ang tahanan—ang unang missionary school

"Ang isang maayos at disiplinadong pamilya ay mas nakapagpapatotoo tungkol sa

Kristiyanismo kaysa sa lahat ng maensaheng maaaring ipangaral. Ang ganitong uri ng pamilya ay nagbibigay ng patotoo na ang mga magulang ay naging matagumpay sa pagsunod sa mga tagubilin ng Dios, at ang kanilang mga anak ay maglilingkod sa Kaniya sa iglesia. Ang kanilang impluwensiya ay lumalago; sapagkat habang sila'y nagbibigay, sila'y tumatanggap upang muling makapagbigay. Ang ama at ina ay nakakasumpong ng mga katuwang sa kanilang mga anak, na siyang nagtuturo rin sa iba ng mga aral na natutunan sa tahanan. Ang komunidad na kanilang tinitirhan ay natutulungan, sapagkat dito sila ay napapabuti—para sa panahong ito at para sa walang-hanggan."2

"Nais ng Diyos na makita ang isang malaking bilang ng mga kabataan na magmumula sa mga tahanan ng Kaniyang bayan—mga kabataang, dahil sa maka-Dios na impluwensiya ng kanilang mga tahanan, ay nagpapasakop ng kanilang mga puso sa Kaniya, at lumalabas upang ialay sa Kaniya ang pinakamataas na paglilingkod ng kanilang mga buhay."3

## Tungkulin ng mga Magulang

Ipinahayag ng apostol, "Wala nang dakilang kagalakan sa ganang akin na gaya nito, na marinig na ang aking mga anak ay nagsisilakad sa katotohanan" (3 Juan 1:4).

Ang Dios ay pinagpala tayo ng mga munting mga anak. Bakit Niya sila ibinigay sa atin? Upang sila'y mapalaki para sa Kaniya. Ano ang ating tungkulin? Sinasabi ng Biblia sa atin: "Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan" (Kawikaan 22:6).

"Ang wastong paggabay at pagtuturo sa mga anak ay ang pinakadakilang gawaing pangmisyonero na maaaring gawin ng sinumang lalaki o babae. . . .

Kailangan natin ng sigasig ng misyonero sa ating mga tahanan, upang maipakita natin sa mga kaanib ng ating pamilya ang Salita ng Buhay at akayin silang magsikap na magkaroon ng tahanan sa kaharian ng Dios."4

Kahanga-hanga kapag ang mga magulang ay dinadala ang kanilang munting anak upang basbasan at italaga sa Dios, subali't hindi ito sapat. Ang susunod na hakbang ay napakahalaga upang patuloy na manatili ang pagpapalang iyon—ang turuan ang bata nang may malinaw na layunin na siya ay maglilingkod kay Cristo para sa ikasususlong ng Kaniyang kaharian. Bawat bata ay tinatawagan na maging kasangkapan para sa kaligtasan ng iba. Mayroon lamang dalawang posibleng direksyon ng paglilingkod para sa ating mga anak: "Ang mga anak ay maaaring sanayin para sa paglilingkod sa kasalanan o para sa paglilingkod sa katuwiran."5

## Nagsasanay sa paglilingkod

"Ilaan ang inyong ilang mga oras ng paglilibang para sa inyong mga anak. Makisama ka sa kanila sa kanilang mga gawain at maging sa kanilang mga paglalaro, upang makuha mo ang kanilang pagtitiwala. Linangin mo ang kanilang pakikipagkaibigan."6

Maaaring determinado kang magbigay ng payo, at bawat sandali ay tila para kang radyo—walang tigil sa pagbibigay ng mga tagubilin. Subali't sa halip na puro payo lamang ang ibinibigay mo sa iyong anak, ibigay mo sa kanila ang iyong puso. Turuan mo ang iyong anak ng maraming bagay, sa pamamagitan ng kakaunting salita lamang.

"Bawat ina ay dapat maglaan ng panahon upang ibigay sa kaniyang mga anak ang mga munting lambing na napakahalaga sa panahong sila ay sanggol pa at sa kanilang pagkabata. Sa ganitong paraan, ibinibigkis ng ina ang puso at kaligayahan ng kaniyang mga anak sa kaniyang sarili. Para sa kanila ang ina ay tulad ng Dios sa ating buhay."7

Paano natin tinuturuang maglingkod ang ating mga anak? Sa pamamagitan ng pag-aalay sa kanila ng pag-ibig. Mahal na mga magulang, ang isang napakagandang buhay ay ang ibigay ang inyong sarili nang may buong pagmamahal sa inyong mga anak at kabiyak, sa pagtulong sa matatanda, sa pakikinig na mabuti sa taong nasasaktan, at sa pagbibigay ng inyong presensya sa sinumang nangangailangan.

Ang panahong ito ay ipinagkaloob sa atin upang tayo ay mamatay sa ating sarili at maranasang muling mabuhay kay Cristo.

"At siya'y namatay dahil sa lahat, upang ang nangabubuhay ay huwag nang mabuhay pa sa kanilang sarili, kundi doon sa namatay dahil sa kanila at muling nabuhay" (2 Corinto 5:15).

May iisang susi lamang sa pagiging mabunga at kapaki-pakinabang: Ipinahayag ni Jesus na upang mamunga ang isang butil ng trigo, ito ay dapat munang mamatay. At sinabi ni Apostol Pablo: "Ako'y napako sa krus na kasama ni Cristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin." (Galacia 2:20). Kapag si Cristo ay nabubuhay sa atin, ano ang magiging bunga? Tayo ay nabubuhay sa Kaniyang buhay.

At paano Siya nabuhay dito sa lupa? Ang buong buhay Niya ay isang simpleng buhay ng paglilingkod na puno ng pag-ibig.

## Ang kapangyarihan ng halimbawa

"Ang mga bagay na inyong natutunan at tinanggap at narinig at nakita sa akin, ang mga bagay na ito ang gawin ninyo" (Filipos 4:9 binigyang-diin)

"Ang sinumang nagnanais maging banal sa langit ay kailangang maging banal muna sa loob ng kaniyang sariling pamilya. Kung ang mga ama at ina ay tunay na mga Kristiyano sa kanilang tahanan, sila'y magiging kapaki-pakinabang na mga kaanib ng iglesia at magiging maayos sa pamamahala sa mga gawain ng iglesia at ng lipunan, ayon sa kanilang pamamahala sa kanilang sambahayan. Mga magulang, huwag ninyong hayaang ang inyong relihiyon ay maging pagpapanggap lamang, kundi gawin ninyo itong isang buháy na katotohanan…. Malibang ipakita ninyo ang kaamuan, kabaitan, at magalang na asal sa inyong tahanan, ang inyong relihiyon ay magiging walang kabuluhan. Kung mayroong tunay na pananampalataya sa tahanan, magkakaroon din ng higit na kapangyarihan ang iglesia."8

"Ang tahanang Kristiyano ay dapat maging isang huwaran, na nagpapakita ng kahusayan ng mga tunay na prinsipyo ng buhay. Ang gayong halimbawa ay magiging isang makapangyarihang impluwensya para sa kabutihan sa sanlibutan. . . . At kapag ang mga kabataan ay lumabas mula sa ganitong tahanan, ang mga aral na kanilang natutunan ay kanilang maibabahagi sa iba."9

Nais nating ang ating mga anak ay maging mga halimbawang karapat-dapat tularan, at ito

> Ang maging katulad ni Cristo ay hindi nangangahulugang umakyat sa hagdan ng tagumpay sa lipunan; hindi ito nangangahulugang mahumaling sa pagkontrol sa mga bagay, ni hindi ibig sabihing mabuhay lamang sa kaginhawahan, kundi ito'y pagbibigay.

ay mabuti. Isa itong dakilang hangarin, subali't kung ano sila ngayon ay bunga ng ating pamumuhay sa lumipas na panahon. Ang ating itinanim kahapon ay siya nating inaani ngayon. Kinakailangang ang mga ama ay maging mga saserdote ng kanilang sambahayan, ng kanilang tahanan. Kinakailangan ang mga ina upang palakihin ang kanilang mga anak para sa Dios. Ang mga anak ay kailangang mahipo ng makalangit na kapangyarihan. At ang ating salitang-gabay ay hindi dapat "búkas," kundi "ngayon o hindi na kailanman."

## Walang tamad na "mga manggagawa"

"Ang mga bata ay dapat turuang maging kapaki-pakinabang mula sa kanilang pagkabata upang matutong tulungan ang kanilang sarili at tumulong din sa iba."10

"Ang mga magulang ay dapat turuan ang kanilang mga anak na ang katamaran ay kasalanan."

"Walang anumang bagay na mas tiyak na humahantong sa kasamaan kundi ang alisin sa mga bata ang lahat ng pasanin, na hayaan silang mamuhay nang tamad at walang layunin sa buhay, na walang ginagawa, o ginugugol lamang ang oras ayon sa kanilang kagustuhan."11

"Walang mga tamad sa sambahayan ng pananampalataya. Bawat kaanib ng pamilya ay may nakatalagang tungkulin sa kaniya, ilang bahagi sa ubasan ng Panginoon kung saan kinakailangan niyang pagpagalan."12

Anong epekto ang idinudulot ng paraan ng ating pagtuturo sa ating mga anak? Magiging masigla ba sila, o sila ba'y mabubulok na walang silbi? Kapag ang tao ay nagsimulang mag-isip lamang para sa sarili, siya'y nagiging palalo at mayabang. Ganito rin ang magiging paglaki ng mga bata na hinahayaan ang ganitong ugali. Ang bunga ay isang henerasyong mahina, walang sigla, at hindi gumagawa para sa Dios. Ang Dios at ang Kaniyang iglesia ay hindi kailangan ang mga magulang at mga anak na nililibing ang kanilang mga talento sa lupa. Ang iglesia ng Dios ay nangangailangan ng mga masigasig na mga manggagawa, hindi mga tagapanood lamang.

"Ang gawain ay patuloy na ginagawa sa langit. Wala doong mga tamad. 'Ang aking Ama ay patuloy na gumagawa hanggang ngayon, sinabi ni Cristo, at ako'y gumagawa rin.' "13

## Pagpapaningas ng apoy

"Ang isang ilawan, gaano man kaliit, kung patuloy na nagniningas, ay maaaring maging kasangkapan upang magsindi ng marami pang ibang ilawan."14

Sa likas na katangian nito, ang apoy ay nagbubunga ng apoy. Kapag ito'y napalibutan ng mga madaling magliyab na bagay, sapat na ang isang diklap ng apoy mula sa palihan upang magsimula ang pagliyab. At mula sa isang kandila, maaaring masindihan ang sampu-sampung libong iba pa. Ipinahayag ni Juan Bautista na ang darating pagkatapos niya

ay magbabautismo "sa Banal na Espiritu at sa apoy." Ito ang pinakamalaking pangangailangan ng ating panahon—isang iglesiang nabautismuhan ng apoy! Ito ang ikinatatakot ng diablo at ng kaniyang kaharian—isang iglesiang nagniningas sa apoy ng banal na pag-ibig. Sino ang makatatagal laban dito? Ang pag-ibig sa Dios ay magiging parang makapangyarihang dinamo na nagtutulak sa atin upang maglakas-loob gumawa ng dakilang mga bagay para sa Dios. Mga minamahal na kabataan at mga magulang, ngayon ay hindi panahon upang patayin ang apoy ng Espiritu at limitahan ang kapangyarihan ng Dios, kundi panahon upang sumulong sa pananampalataya!

"Bawat tunay na alagad ay ipinanganak sa kaharian ng Dios bilang isang misyonero. Ang sinumang uminom ng tubig na nagbibigay-buhay ay nagiging bukal ng buhay para sa iba."15

"Ang Dios ay kumikilos sa mga taong nasa mapagkumbabang kalagayan upang ipahayag ang mensahe ng pangkasalukuyang katotohanan. Marami ang makikitang nagmamadaling paroo't parito, na pinipilit ng Espiritu ng Dios upang dalhin ang liwanag sa mga nasa kadiliman. Ang katotohanan ay tulad ng apoy sa kanilang mga buto, na pumupuno sa kanila ng nag-aalab na pagnanais na magbigay-liwanag sa mga nakaupo sa kadiliman. Marami, kahit yaong mga walang pinag-aralan, ay magpapahayag ng salita ng Panginoon. Maging ang mga bata ay kikilusin ng Banal na Espiritu upang lumabas at ipahayag ang mensaheng mula sa langit. Ang Espiritu ay ibubuhos sa mga handang magpasakop sa Kaniyang pagkilos. Babalewalain nila ang mga mahigpit na patakaran at mga maingat na pagkilos ng mga tao, sila ay sasama sa hukbo ng Panginoon."16

Paano ko mapapalago ang kaloob na lubos na kinakailangan ng sanlibutan?

"Ang mga kabataan ay dapat turuan na ang buhay ay nangangahulugan ng masigasig na paggawa, tungkulin, at pangangalaga. Kailangan nila ang pagsasanay upang gawin silang praktikal na—mga lalaki't babaeng handang humarap sa anumang kagipitan. Dapat silang turuang maunawaan na ang disiplina ng maayos at sistematikong paggawa ay mahalaga, hindi lamang bilang proteksyon laban sa pabago-bagong kalagayan ng buhay, kundi bilang tulong sa kabuuang paghubog ng pagkatao."17

Mayroong pangangailangan para sa:

1. Maka-Diyos na Kabataan. Kailangang turuan ang mga kabataan kung paano nila buong pusong iibigin si Cristo at ang Kaniyang kaharian, kung paano italaga ang kanilang sarili nang lubusan sa paglilingkod sa Kaniya, at kung paano maging handa sa anumang pagtanggi sa sarili, anumang pagsakripisyo ng sarili, at anumang gawaing Kaniyang ipagagawa sa kanila. Kailangang kumilos nang may kahusayan para kay Cristo saan mang dako—sa loob ng tahanan o sa labas nito, sa mataas na antas ng lipunan man o sa pinakamababa. Hindi nilayon ni Cristo na ang kabataan ay mamuhay sa karaniwang antas lamang.
2. Mga kabataang may maayos na kaisipan. Dapat na bang masiyahan ang mga kabataang Kristiyano sa kanilang karaniwan lamang na paglilingkod sa kaharian ng Manunubos, habang ang mga makasanlibutan ay nagsisikap para sa kahusayan sa kanilang mga gawain at hanapbuhay? Mag-ingat sa maling pag-asa sa Banal na tulong na inaakalang ang nag-aalab na puso ay sapat na kahit may kakulangan ng kaalaman. Sapagkat ang utos ay: "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, buong kaluluwa, at buong pag-iisip." At ito'y kapwa naaangkop sa paglilingkod at sa pag-ibig sa Kaniya. Kinakailangan ng ating kabataan ang balanse at pinagyamang kaisipan.
3. Mga Kabataang Handang Mag-sakripisyo. Ang salitang "Enjoy the moment" (Sulitin ang panahon) ay hindi isang bagay na dapat sunggaban, kundi isang bagay na dapat isakripisyo. Sapagkat "Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, anupa't ibinigay Niya ang Kaniyang bugtong na Anak…" Ibinigay ng Diyos si Jesus bilang Kaloob, upang tayo naman ay maging mga tagapagbigay. Ngayon, higit kailanman, kinakailangan ang mga tapat at itinalagang lingkod ni Cristo.

"Bawat kabataan, bawat bata, ay may gawaing dapat gampanan para sa karangalan ng Dios at sa ikararangal ng sangkatauhan."18

Ang pinakamataas na pribilehiyo

Mga minamahal na kabataan, maaaring kayo ay maging alipin ng materyal o propesyonal na pag-unlad, alipin ng inyong orasan, telepono, o anumang kagamitang teknolohikal, alipin ng kaginhawaan, o alipin ng isang pangarap na hindi mo lubos na nauunawaan. Ang lahat ng ito o alinmang anyo ng pagkaalipin ay nangangahulugan ng isang buhay na nasasayang. Ang maging katulad ni Cristo ay hindi nangangahulugang umakyat sa hagdan ng tagumpay sa lipunan; hindi ito nangangahulugang mahumaling sa pagkontrol sa mga bagay, ni hindi ibig sabihing mabuhay lamang sa

kaginhawahan, kundi ito'y pagbibigay. Sapagkat ang lahat ng tunay na may halaga sa buhay ay nakaugat sa pagbibigay, at ang buhay ay nawawalan ng saysay kapag hindi nagiging mapagbigay. Ang magbigay ay ang tunay na tanda ng pagmamay-ari. Nais mo bang hadlangan ang Cristo na nasa iyong kalooban na ihandog ang Kaniyang sarili? Kung pipiliin mong gawin ito, hindi Siya mananahan sa iyo; sa halip, ikaw ay mananatiling alipin ng iyong sariling pagkamakasarili.

Maaaring hindi mo magawa ang mga dakilang bagay; maaaring hindi ka tawagan upang maglingkod bilang manggagawa ng iglesia. Ngunit walang paglilingkod na napakaliit, at walang gawaing napakadakila. Marami ang nagnanais baguhin ang mundo, ngunit madalas walang nagnanais gumawa ng maliliit na bagay na nagpaparamdam ng pag-ibig sa kapwa. Sapagkat ang sukat ng iyong pagbibigay ay siya ring sukat ng iyong tinatanggap.

"Hindi ba't isang pribilehiyo ang maging katuwang ni Jesus? Hindi ba't isang karangalan ang makibahagi sa dakilang gawain ng pagliligtas ng mga kaluluwa, sa pagtupad ng bahagi na iniatang sa atin ng ating Tagapagligtas? At walang sinumang makapagpapala sa iba nang hindi rin siya pinagpapala. 'Siyang dumidilig ay madidilig din.' (Mga Kawikaan 11:25).' "19

"Ang ating pananampalataya ay dapat maging mabunga sa mabubuting gawa, sapagkat ang pananampalatayang walang gawa ay patay. Bawat tungkuling ginagampanan, bawat sakripisyong iniaalay sa pangalan ni Jesus, ay nagdadala ng napakadakilang gantimpala. Sa mismong pagganap ng tungkulin, ang Dios ay nagsasalita at nagbibigay ng Kaniyang pagpapala. Subali't hinihingi Niya sa atin ang lubos na pagpapasakop ng lahat ng ating kakayahan. Ang isip at puso, ang buong pagkatao, ay dapat nating ibigay sa Kaniya, sapagkat kung hindi, tayo'y mabibigong maging mga tunay na mga Kristiyano."20

## Ang gantimpala

"Kaya't mangagpakalakas kayo, at huwag manglata ang inyong mga kamay; sapagka't ang inyong mga gawa ay gagantihin" (2 Cronica 15:7).

Mga minamahal na kabataan, mga minamahal na magulang, mamuhay kayo bawat araw na parang kaharap ang isang malubhang karamdaman. Ibigay ngayon ang inyong natanggap mula kay Cristo. Sapagkat ang sanlibutan ay labis na nangangailangan ng pagpapakita ng pag-ibig ng Dios. Dalangin kong, kahit isang daang taon na ang lumipas, ang Reform Movement ay patuloy na nagniningas sa kapangyarihan ng pag-ibig at ng katotohanan ni Cristo. Ako'y taimtim na nananalangin na ang kilusang ito ay huwag mapigil o masakal, kundi sumambulat tulad ng isang bulkan, hanggang sa mapuno ng pag-ibig ng Dios ang buong sanlibutan.

Kayo ba, mga minamahal na kabataan, mga magulang, ay magiging bahagi ng samahang ito na magpapalaganap ng kaluwalhatian ng Dios sa buong sanlibutan? Sapagkat ang lindol ng pag-ibig na ito ay aabot sa mga dulong bahagi ng mundo—at pagkatapos ay lalagos sa walang-hanggan at magpapatuloy doon. Nasa inyo ang desisyon. Pumili nang matalino. Piliing magningas para kay Cristo. Maging liwanag! ℛ

**References:**


1 The Acts of the Apostles, p. 9.
2 The Adventist Home, p. 32. [Emphasis added.]
3 Counsels to Parents, Teachers, and Students, p. 131. [Emphasis added.]
4 Child Guidance, p. 476.
5 Counsels to Parents, Teachers, and Students, p. 108.
6 The Adventist Home, p. 192.
7 Ibid., p. 197.
8 Ibid., pp. 317–319. [Emphasis added.]
9 Ibid., p. 31. [Emphasis added.]
10 Ibid., p. 283.
11 Ibid., p. 284.
12 Testimonies for the Church, vol. 4, p. 454.
13 The Adventist Home, p. 287.
14 Ibid., p. 32.
15 The Desire of Ages, p. 195.
16 Testimonies for the Church, vol. 7, pp. 26, 27.
17 Education, p. 215.
18 The Adventist Home, p. 280.
19 Counsels on Health, p. 508.
20 Testimonies for the Church, vol. 4, p. 145.

# PAGSASANAY SA PAGIGING MGA TAGASUNOD

NI OLGA ORTIZ - COLOMBIA

**Ang Tunay na edukasyon**

Sa pasimula pa lamang, itinatag na ng Dios ang pamilya bilang sentro ng lipunan — isang lugar para sa paghubog at paglinang ng katangian, mga gawi, at mga kabutihang asal. "Ang sistemang pang-edukasyon na itinatag sa Eden ay nakasentro sa pamilya." Ang banal na plano ay inangkop sa kalagayan ng sangkatauhan matapos ang pagkahulog sa kasalanan. Ang tunay na edukasyon ay ang gawain ng pagtubos at pagpapanumbalik sa dati ng sangkatauhan, ang pagpapaunlad ng pisikal, mental, at espiritwal na kakayahan ayon sa katangian ni Cristo. Hindi ito limitado sa pagtamo ng kaalaman lamang, kundi sinisikap nitong ihanda ang tao para sa buhay ng paglilingkod sa daigdig na ito at para sa buhay na walang hanggan. Ang pundasyon nito ay ang Salita ng Diyos at ang patnubay ng Banal na Espiritu. Si Cristo, bilang kinatawan ng Ama at tulay sa pagitan ng Dios at ng sangkatauhan, ay ang dakilang Guro ng sangkatauhan. Isinaayos Niya na ang mga lalaki at babae ay maging Kaniyang mga kinatawan. Ang pamilya ang unang paaralan, at ang mga magulang ang mga guro. Ang prinsipyong ito ay matapat na sinunod ng ating Panginoong Jesus sa Kaniyang buhay sa lupa.



## Ang edukasyon ni Cristo

"Si Jesus ay namuhay sa isang tahanan ng karaniwang magbubukid, at matapat at masaya Niyang ginampanan ang Kaniyang bahagi sa pagdadala ng mga pasanin sa tahanan. Siya ay dating Pinuno ng langit, na kinalulugdan ng mga anghel na sundin ang Kaniyang mga utos, ngayon Siya'y isang masunuring lingkod, isang mapagmahal at masunuring anak. Natuto Siyang maghanapbuhay, at sa Kaniyang sariling mga kamay ay gumawa sa pagawaan ng karpintero kasama si Jose. Sa payak na kasuotan ng isang karaniwang manggagawa, Siya'y naglalakad sa mga lansangan ng Kaniyang maliit na bayan, papunta at pauwi sa Kaniyang pangkaraniwang gawain. Hindi Niya ginamit ang Kaniyang banal na kapangyarihan upang pagaanin ang Kaniyang mga pasanin o gawain."[2] Ang Kaniyang tahanan ang naging unang paaralan, kung saan sina Maria at Jose, na ginagabayan ng mga banal na prinsipyo, ay gumanap ng mahalagang bahagi sa paghubog sa Kaniya tungo sa ganap na pagkalalaki. Ang kultura at buhay-pamilyang Kaniyang kinalakhan, na napapalibutan ng kalikasan at simpleng pamumuhay, ay lalong humubog sa Kaniyang katangian at nagpatibay ng Kaniyang ugnayan sa Dios at sa mga pangangailangan ng tao.

"Sa panahon ni Cristo, ang mga Judio ay binibigyang pansin ang edukasyon ng kanilang mga anak. Ang kanilang mga paaralan ay nauugnay sa mga sinagoga o mga lugar ng pagsamba, at ang mga guro ay tinatawag na rabi, mga taong itinuturing na lubos na marurunong.

"Subali't si Jesus ay hindi pumasok sa mga paaralang iyon, sapagkat maraming bagay ang itinuro roon na hindi totoo. Sa halip na ang Salita ng Dios ang pag-aralan, ang mga kasabihan ng tao ang pinagtutuunan, at madalas, ang mga iyon ay salungat sa itinuturo ng Dios sa pamamagitan ng Kaniyang mga propeta.

"Ang Dios mismo, sa pamamagitan ng Kaniyang Banal na Espiritu, ang nagpatnubay kay Maria kung paano palalakihin ang Kaniyang Anak. Itinuro ni Maria kay Jesus ang mga Banal na Kasulatan, at natutunan Niyang magbasa at pag-aralan ito sa Kaniyang sarili."3

## Isang maling konsepto

Hindi tulad sa uri ng edukasyong tinanggap ni Jesus sa tahanan, ang mga paaralan ng rabi noong Kaniyang panahon ay nawala sa tunay na diwa ng edukasyon. Sila ay nakatuon na lamang sa mga tradisyon, kaya't napuno ng walang saysay na panlabas na pagsunod lamang. Ang ganitong uri ng edukasyon ay hindi nagdudulot ng personal na pakikipag-ugnayan sa Dios, ni hindi rin nakakatulong sa paghubog ng ugali na nakabatay sa mga tunay na banal na prinsipyo. Hindi ba't ito'y may pagkakahawig sa tunay na kalagayan nangayayari sa kasalukuyan?

"Ang ating mga pananaw tungkol sa edukasyon ay masyadong makitid at mababa ang antas. Kinakailangan ang mas malawak na pananaw at mas mataas na layunin. Ang tunay na edukasyon ay higit pa sa pagpupursige sa isang kurso ng pag-aaral. Ito ay higit pa sa paghahanda para lamang sa buhay sa kasalukuyan. Ito ay may kinalaman sa buong pagkatao at sa buong panahon ng pag-iral na posible sa tao. Ito ay ang maayos na pag-unlad ng pisikal, mental, at espiritwal na mga kakayahan. Ihinahanda nito ang mag-aaral para sa kagalakan ng paglilingkod sa sanlibutang ito, at para sa lalong dakilang kagalakan ng mas malawak na paglilingkod sa darating na sanlibutan."[4] Nakakalungkot na, sa "akademya" ng sanlibutang ito, ang mga katangian at moralidad na napakahalaga sa buhay ng tao at sa paghahanda para sa langit ay madalas na napapabayaan. Subali't, sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga pagkakamali ng nakaraan, maaari nating muling matuklasan ang tunay na layunin ng banal na edukasyon.

## Anong ibig sabihin nito?

Ang tunay na edukasyon ay nagmumula sa Dios, at ang layunin nito ay ibalik ang banal na wangis ng Dios sa sangkatauhan. Ang tunay na edukasyon ay hindi sinasasaklaw ang pagkuha ng akademikong kaalaman lamang, kundi sumasaklaw din sa espiritwal, moral, at pagbuo ng kakayahang makitungo sa kapuwa tao. Kaya naman ito ay isang banal at marangal na gawain. Sa Banal na Kasulatan, makikita natin kung paano pinapaalalahanan ng Dios ang mga magulang tungkol sa edukasyon ng kanilang mga anak. Tungkol kay Abraham, sinabi ng Panginoon: "Sapagka't siya'y aking kinilala, upang siya'y magutos sa kaniyang mga anak at sa kaniyang sangbahayan pagkamatay niya, na maingatan nila ang daan ng Panginoon, na gumawa ng kabanalan, at kahatulan" (Genesis 18:19). Dahil sa napakalapit na ugnayan ni Abraham sa Dios, tinuruan niya ang kaniyang sambahayan sa mga daan ng Panginoon. Upang mangyari rin ito sa ating mga tahanan, kinakailangan nating linangin ang mga gawi ng paglilingkod nang may pag-ibig sa Tagapagligtas ng mga kaluluwa, na turuan natin ang ating mga anak na sa pamamagitan ng pananalangin, ay mayroon silang Kaibigang

nakikinig sa kanilang mga pangarap at kalungkutan. Na sa araw-araw na pagbabasa ng Biblia, ay mauunawaan nila ang likas ng Dios at kung paano Siya, sa Kaniyang mahabaging pag-ibig, ay nakikitungo sa atin. Sa ganitong paraan, ay matututo silang makitungo sa kapwa nang may paggalang, pag-ibig, at pagtitiis. Matututo silang maging mahabagin at mabait, gaya ng kanilang Ama sa langit na mahabagin at mabait sa sangkatauhang Kaniyang nilikha nang may pag-ibig. Ang pag-unawa sa tunay na edukasyon ay naghahatid sa atin sa pagkilala na ang pinakamataas na layunin nito ay ang paghubog ng pag-uugali, sapagkat ito lamang ang tanging kayamanang madadala natin sa Langit.esults of wrong decisions

Ang paghubog ng ugali ay isang pangunahin at napakahalagang proseso sa buhay; sapagkat ang ugali lamang ang tanging pag-aari na madadala natin sa langit, at ito ay nahuhubog sa tahanan. "Ang ugali na hinubog ayon sa wangis ng Dios ay siyang tanging kayamanang madadala natin mula sa mundong ito patungo sa susunod. Yaong mga nasa ilalim ng pagtuturo ni Cristo sa mundong ito ay dadalhin ang bawat banal na kakayahan sa mga tahanan sa langit. At sa langit, ay patuloy natin itong pagbubutihin. Kaya't napakahalaga ng paglinang ng ugali sa buhay na ito." Ang banal na tungkulin ng mga magulang ay turuan at gabayan ang kanilang mga anak na matakot at sumunod sa Dios, upang sa tulong ng Banal na Espiritu ay mahubog nila ang isang katangiang tulad ng kanilang Ama sa Langit. Sinasabi ng Panginoon: "At ang mga salitang ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso; At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon." (Deuteronomio 6:6–7).

Kapag pinababayaan ng mga magulang ang mga tuntuning pang-edukasyon na ibinigay ng Dios at isinantabi ang kanilang banal na tungkulin, ang kanilang mga anak ay natuturuan ng kaaway ng mga kaluluwa. Ang halimbawa ni Eli na saserdote ay dapat magbigay-babala sa atin. Sa 1 Samuel 2:12 ay nakasulat: "Ngayo'y ang mga anak ni Eli ay mga hamak na lalake; hindi nila nakikilala ang Panginoon." Ang mga bata ay nangangailangan ng mapagbantay na pangangalaga at paggabay, higit kailanman, sapagkat si Satanas ay nagsisikap na sakupin ang kanilang isipan at puso at paalisin ang Espiritu ng Dios.

"Ang nakakabahalang kalagayan ng mga kabataan sa panahong ito ay isa sa pinakamalinaw na palatandaang tayo ay nabubuhay na sa mga huling araw; ngunit ang pagkasira ng marami ay maaaring direktang maiugnay sa maling pamamahala ng mga magulang. Ang espiritu ng pagrereklamo laban sa pagsaway ay nag-uugat at nagbubunga ng hindi-pagsunod. Habang ang mga magulang hindi nasisiyahan sa mga ugali na nabubuo ng kanilang mga anak, hindi naman nila napapansin ang mga pagkakamaling humuhubog sa kanila kung ano sila ngayon."6

Ang mga magulang ay dapat maunawaan na ang Kristiyanong edukasyon ay hindi lamang dapat nakatuon sa paglinang ng isipan, kundi sa paghubog ng ugali, paglinang ng moralidad, at paghahanda para sa buhay na walang hanggan. Hindi nila magagampanan nang wasto ang kanilang tungkulin malibang gawin nilang tuntunin ng buhay ang Salita ng Dios. Dapat nilang maunawaan na dapat nilang turuan at hubugin ang ugali ng bawat mahalagang kaluluwang ipinagkatiwala sa kanilang pangangalaga, hanggang sa makita nila ang mga prinsipyo ng tunay na edukasyon at ang kahalagahan ng paghubog ng ugali bilang prosesong may kinalaman sa walang hanggan. Sa ating panahon ngayon, kinakailangan nating maging mas lalong mapagbantay tungkol sa mga pakikipagkaibigan ng ating mga anak. Ang mga kaibigan ba na kanilang pinipili ay makatutulong sa kanila na maipakita ang wangis ng kanilang Amang nasa langit, o maiimpluwensyahan sila upang tularan ang prinsipe ng sanlibutang ito? Ang mga media content ba na kanilang pinapanood ay magpapabanal sa kanila, o ito ba ay magpapababa ng kanilang moralidad at sisira sa kanilang mga espiritwal na gawi? Upang mapatnubayan sila sa makipot na landas, ang halimbawang ipinapakita ng pamilya ay napakahalaga.

## Halimbawa ng pamilya

Ang Kristiyanong edukasyon ay nagsisimula sa murang edad sa pamamagitan ng halimbawa ng mga unang guro nito—ang mga magulang. Ito ang dahilan kung bakit tayo ay hinihikayat na gawing "munting langit" ang ating tahanan, upang ang mga bata ay matutong tularan ang mabuting halimbawa ng kanilang mga magulang. Sa Galacia 5:22–23, ang mga bunga ng Espiritu na inilalarawan ay: pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, pagpipigil sa sarili—mga katangiang bumubuo sa isang matatag na Kristiyanong katangian. Ipinaalala sa atin ni Haring Solomon: "Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan" (Kawikaan 22:6). Hinihimok



Mula sa murang edad, ang mga bata ay dapat matutong gumawa ng kapaki-pakinabang o praktikal na gawain na makakatulong sa paglinang ng mga kasanayang magiging mahalaga sa paghubog ng mga katangiang tulad ng tungkulin, disiplina, pagtitiyaga, at pagtitiis.

din tayo ni Apostol Pablo ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios. (Roma 12:2). At si Jesus mismo ay nanawagan sa atin: "Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal" (Mateo 5:48). Ipinahihiwatig nito ang patuloy na paglago sa pagkakatulad kay Cristo. Ang paglinang ng ugali ay isang tuloy-tuloy na proseso ng pagbabago na nangangailangan ng pamamagitan ng Banal na Espiritu at personal na pagtatalaga ng bawat isa. Ang pangunahing layunin ng Kristiyanong edukasyon at ng buhay mismo ay ang paglinang ng ugali. "Bawat tao, na nilikha ayon sa wangis ng Dios, ay pinagkalooban ng isang kapangyarihang tulad ng sa Manlalalang—ang pagiging natatangi, ang kapangyarihang mag-isip at kumilos. Ang mga taong nakakapagpaunlad ng kapangyarihang ito ay yaong mga taong tumatanggap ng mga tungkulin, mga nangangasiwa sa mga gawain, at mga taong may impluwensiya sa ugali ng iba. Ang tunay na layunin ng edukasyon ay ang bumuo ng kapangyarihang ito—ang turuan ang mga kabataan na mag-isip ng malalim, at hindi lamang mga tagasunod sa iniisip ng iba. Sa halip na limitahan ang kanilang pag-aaral sa mga sinasabi at isinusulat lamang ng mga tao, ituon sila sa mga pinagmumulan ng katotohanan—sa malawak na larangan na hayag sa pagsasaliksik sa kalikasan at pahayag ng Dios. Hayaan silang pagnilayan ang mga dakilang katotohanan tungkol sa tungkulin at kahahantungan, ang kanilang isipan ay lalawak at lalakas. Sa halip ng mga mahihinang iskolar, ang mga institusyong pang-edukasyon ay makapagluluwal ng mga taong matatag sa pag-iisip at pagkilos—mga taong panginoon, at hindi alipin, ng mga sitwasyon; mga taong may lawak ng pag-iisip, kalinawan ng kaisipan, at tapang ng kanilang paninindigan."

"Ang ganitong uri ng edukasyon ay nagbibigay ng higit pa sa disiplina ng isipan; higit pa ito sa pisikal na pagsasanay. Ito ay nagpapatibay ng katangian, upang ang katotohanan at katuwiran ay hindi maisasakripisyo kapalit ng makasariling hangarin o makamundong ambisyon. Pinalalakas nito ang isipan laban sa kasamaan. Sa halip na ang isang matinding pagnanasa ay maging puwersang mapanira, ang bawat motibo at hangarin ay isinasaayos ayon sa mga dakilang prinsipyo ng katuwiran. Habang ang kasakdalan ng Kaniyang katangian ay pinagninilayan, ang isipan ay nababago, at ang kaluluwa ay muling nililikha ayon sa wangis ng Dios."7

Dapat linangin ng mga magulang ang isang masaya at malusog na kapaligiran para sa kanilang mga anak, sa pamamagitan ng pag-iwas sa kanila sa mga masasamang impluwensya at pagtuturo kung paanong ang mga ganitong impluwensya ay maaaring makasira ng ugali at tuluyang maglayo sa kanila sa Dios. "Ang mga pagkilos na madalas na ginagawa ay nagiging mga gawi, ang mga gawi ay bumubuo ng ugali. Sa pagtitiyaga, gampanan ang maliliit na tungkulin sa buhay. Hangga't hindi niyo pinahahalagahan ang katapatan sa maliliit na tungkulin, ang pagbuo ng inyong ugali ay mananatiling hindi kasiya-siya. Sa paningin ng Makapangyarihan sa lahat, bawat tungkulin ay mahalaga. Sapagkat sinabi ng Panginoon, 'Ang matapat sa kakaunti ay matapat din sa marami.' Sa buhay ng isang tunay na Kristiyano, walang bagay na hindi mahalaga."8

**Ang kabuuang paghubog ng ugali ay dapat nakabatay sa mga sumusunod na prinsipyo:**

1. Pag-asa sa Dios: Hanapin ang Dios araw-araw sa panalangin at pag-aaral ng Biblia. (Filipos 4:13)
2. Disiplina at pagpipigil sa sarili: Pangasiwaan ang mga iniisip, salita, at gawa. (Kawikaan 16:32)
3. Paglilingkod sa kapwa: Linangin ang marangal na katangian sa pamamagitan ng pag-ibig at pagtulong sa kapwa. (Mateo 25:40)
4. Pagtuturo batay sa mga banal na prinsipyo mula sa pagkabata: (Kawikaan 22:6; 2 Timoteo 3:15)

5. Pagsisikap sa tuloy-tuloy na pagbabago: Ang pagbubuo ng ugali ay isang patuloy na proseso hanggang sa ganap na makita sa kaluluwa ang wangis ni Jesus. (2 Corinto 3:18; Early Writings, p. 71)

Pinatutunayan ng makalupang sining ng pagtuturo kung ano ang itinakda ng Panginoon sa banal na plano ng edukasyon. Ang mga bata ay madaling natututo kapag naiuugnay nila ang kanilang kaalaman sa kanilang kapaligiran sa pamamagitan ng praktikal na pagsasabuhay nito sa araw-araw na pamumuhay. Mula sa murang edad, ang mga bata ay dapat matutong gumawa ng kapaki-pakinabang o praktikal na gawain na makakatulong sa paglinang ng mga kasanayang magiging mahalaga sa paghubog ng mga katangiang tulad ng tungkulin, disiplina, pagtitiyaga, at pagtitiis. Bilang karagdagan, ito ay nagbibigay ng daan upang ang edukasyon ay maging makahulugan at makapagpapatibay ng karanasan na makakatulong hindi lamang upang makapasa sa mga pagsusulit, kundi upang mapagtagumpayan ang mga hamon ng buhay. Ang lahat ng ito ay dapat nakabatay sa Banal na Kasulatan.

## Edukasyon ayon sa Biblia

Mula pa sa simula, itinatag na ng Dios ang edukasyon bilang isang buo at mahalagang proseso. Sa Genesis 1:27 ay sinasabi na ang tao ay nilikha ayon sa wangis at larawan ng Dios. Ipinapahiwatig nito na ang banal na kaalaman ang dapat maging batayan ng lahat ng pagtuturo. Ayon sa Kawikaan 9:10, "Ang pagkatakot sa Panginoon ay pasimula ng karunungan, at ang pagkakilala sa Banal ay kaunawaan." Binibigyang-diin nito na ang tunay na edukasyon ay nagsisimula sa matatag na espirituwal na pundasyon na dapat umayon sa mga sumusunod na pangunahing prinsipyong ito: "Ang gawain ng edukasyon at ang gawain ng pagtubos ay iisa,"[9] na nagbibigay-diin na ang pagtuturo ay dapat humantong sa espirituwal na pagbabago.

1. Nakatuon kay Cristo: Ang Dios ang dapat sentro ng lahat ng pagtuturo (Colosas 2:3).
2. Pangkabuuan: Dapat nitong saklawin ang pisikal, mental, at espirituwal na paglago (Lucas 2:52).
3. Praktikal at naaangkop: Hindi lamang teoretikal, kundi nakatuon sa pang-araw-araw na pamumuhay at paglilingkod sa kapwa (Mateo 25:40).
4. Nakapagpapago ng ugali: Ang edukasyon ay dapat humubog ng ugali upang makita ang wangis ni Cristo. "Sa pamamagitan ng pagiging hindi makasariliang paglilingkod, natatamo natin ang pinaka-mataas na paglinang ng bawat kakayahan. Lalong lubos tayong nagiging kabahagi ng banal na likas. Tayo ay naaangkop sa langit, sapagkat tinatanggap natin ang langit sa ating mga puso."10
5. Nakatuon sa pag-asa at pagtubos: Dapat ihanda ng edukasyon ang tao para sa buhay sa kasalukuyan at sa walang hanggan. "Ang gawaing ipinagkatiwala sa atin ay ang paghahanda para sa buhay na walang hanggan, at kung maisasagawa natin ito ayon sa layunin ng Diyos, bawat tukso ay maaaring maging daan tungo sa ating pagsulong; sapagkat habang nilalabanan natin ang mga tukso nito, tayo ay sumusulong sa buhay na maka-Diyos. Sa init ng tunggalian, habang tayo'y nakikibaka sa espirituwal na labanan, may mga hindi nakikitang kapangyarihan na nasa ating tabi, inutusan ng langit na tumulong sa atin sa ating pakikipagbuno; at sa oras ng kagipitan, ibinibigay sa atin ang lakas, katatagan, at sigla, at tayo'y nagkakaroon ng kapangyarihang higit sa tao."11

Ang Edukasyong Kristiyano ay hindi lamang limitado sa tahanan o paaralan, kundi kabilang din ng iglesia bilang isang mahalagang haligi sa espirituwal na paglago. Sa pamamagitan ng iglesia, ang mga kabataan ay tumatanggap ng patnubay, suporta, at mga halimbawa ng pananampalataya na tutulong sa kanila na lumago sa kanilang relasyon sa Dios at tumibay sa paghahanda para sa mga darating na panahon.

Sa mga huling araw, sinabi ng Kasulatan: "At silang magiging iyo ay magtatayo ng mga dating sirang dako; ikaw ay magbabangon ng mga patibayan ng maraming sali't saling lahi; at ikaw ay tatawagin Ang tagapaghusay ng sira, Ang tagapagsauli ng mga landas na matatahanan." — Isaias 58:12. Ang taimtim na panawagang ito ay may kinalaman sa edukasyon:

"Ginamit ni Satanas ang pinakatusong mga pamamaraan upang isingit ang kaniyang mga plano at prinsipyo sa mga sistema ng edukasyon, at sa gayon ay makakuha ng matibay na pagkakahawak sa isipan ng mga bata at kabataan. Ang tungkulin ng tunay na tagapagturo ay hadlangan ang kaniyang mga pakana. Tayo ay nasa ilalim ng isang banal at sagradong pakikipagtipan sa Dios na palakihin ang ating mga anak para sa Kaniya at hindi para sa sanlibutan; na ituro sa kanila na huwag ilagay ang kanilang kamay sa kamay ng sanlibutan,

kundi ibigin at matakot sa Dios, at sundin ang Kaniyang kautusan. Dapat nilang maunawaan na sila ay nilikha ayon sa wangis ng kanilang Maylalang, at si Cristo ang huwaran na dapat nilang tularan. Ang pinakamaingat na pansin ay dapat ibigay sa edukasyong magtuturo ng kaalaman ng kaligtasan at huhubog ng buhay at ugali ayon sa banal na huwaran. Ang pag-ibig ng Dios, ang kadalisayan ng kaluluwang hinabi sa buhay na parang mga sinulid na ginto, ang siyang tunay na mahalaga. Ang antas ng kabanalan na maaaring maabot ng tao ay hindi pa lubusang nauunawaan."

"Upang maisakatuparan ang gawaing ito, kailangang maitayo ang isang malawak na pundasyon. Dapat magkaroon ng bagong layunin at ito'y dapat bigyan ng puwang; kailangang matulungan ang mga mag-aaral na maiangkop ang mga prinsipyo ng Biblia sa lahat ng kanilang ginagawa. Anumang baluktot o lihis sa tuwid na landas ay dapat ituro nang malinaw at iwasan, sapagkat ito ay kasamaan na hindi dapat ipagpatuloy. Mahalaga na bawat guro ay umiibig at nagpapahalaga sa mga matibay na prinsipyo at doktrina, sapagkat ito ang ilaw na magliliwanag sa landas ng bawat mag-aaral."12

"Ngunit magsalita ka ng mga bagay na nauukol sa aral na magaling." — Tito 2:1

Upang maisakatuparan ang gawaing ito, kailangan nating magkaisa at magtulungang, bumuo ng mga ugnayang makatutulong sa pagsasakatuparan ng layuning ito. Sa kasalukuyan, dito sa Colombia, sa pamamagitan ng Oded Educational Foundation, kami ay bumubuo ng isang pamamaraan ng edukasyon na sumasaklaw sa kabuuan ng pagkatao. Ang tanging layunin nito ay maibalik ang wangis ng Dios sa ating mga anak at kabataan, upang sa gayon ay maibalik din ang orihinal na plano na itinatag ng Dios para sa edukasyon. Ang mga magulang ay may tungkulin na maging tulay ng buhay na ugnayan sa Dios—magbigay ng mga karanasang mag-uugnay sa mga bata sa natutunan sa tunay na karanasan sa buhay. Gayunman, hindi lamang ito tungkulin ng mga magulang; ang iglesia rin ay isang mahalagang haligi sa pagtupad ng dakilang misyong ito.

Ang Dios ay nananawagan sa atin na mamuhay ayon sa pananampalataya, at ito ay hindi lamang basta pagdalo sa mga gawain sa iglesia o pagsunod sa mga nakaugaliang tradisyon, kundi ang pahintulutan si Cristo na hubugin ang ating puso at ugali. Ang pagbabagong ito ay dapat makita sa paraan ng ating pag-iisip at sa ating mga pagkilos.

Ang ating misyon bilang ilaw ng sanlibutan ay nagsisimula sa edukasyon ng ating mga anak,mga kabataan, at matatanda na ipangaral ang ebanghelyo. Nawa'y ang karunungan ng Panginoon ang maging ating pundasyon, upang tayo ay bigyan Niya ng pagkaunawa at ituro ang daan na dapat nating lakaran! (Kawikaan 1:7; Awit 32:8).

**References:**


1 Education, p. 33.
2 The Desire of Ages, p. 72.
3 The Story of Jesus, p. 30.
4 Education, p. 13.
5 Christ's Object Lessons, p. 332.
6 Testimonies for the Church, vol. 4, p. 199.
7 Education, pp. 17, 18.
8 Messages to Young People, p. 148.
9 Education, p. 29.
10 Ibid., p. 16.
11 Christian Education, p. 122.
12 Testimonies for the Church, vol. 6, p. 127.

The Reformation Herald®

P.O. Box 7240
Roanoke, VA 24019-0240

Periodical Postage PAID
Roanoke, VA 24022

MOVING? Please let us know.



# MAGSIYAON NA NGAYON!

ni Barbara Montrose

Nanganganib ang ating buhay!
Sa mundong puno ng bagay na walang saysay. . . .
Sa anomang paraan tayo ay nabubuhay
Taglay ang pag-asang dahil sa Korderong pinatay.

Pagtuonan ng pansin pangkasalukuyang katotohanan:
Anomang balakid kailangang mapanagumpayan!
Ang hanapin ang Panginoon yun ang ating kailangan;
At sa presesya mismo si Cristo matatag na manindigan.

Ang ating paglalakbay sa buhay ay hindi simpleng bagay,
Tulad ng laruan Kaniyang mga kaloob ay pinababayaan.
Magpasyang sumunod kay Cristo,
Sa Kaniyang landas ay huwag matakot at maging determinado.

May mga kaluluwang nananabik sa katotohanan;
Baka hindi mo namamalayan isa ang iyong kaibigan. . . .
Ang mga pusong uhaw sa katotohanan
May apoy na tahimik na nagniningas sa kalooban.

Panahon na upang ipahayag ang tuwirang katotohanan
Tigilan na ang pagkabaha-bahagi at hindi pagkakasunduan.
Wala nang pagrereklamo at pagdadahilan
Ipakita ang pananampalataya sa gawa't isipan.

Marami ang naliligaw at patuloy na umaasa;
Sayang ang panahon sa pag-aalinlangan nila.
Pankinggan ang malinaw at tuwirang panawagan ng Panginoon.
Sumulong na sa paglilingkod huwag sayangin ang pagkakataon.

Taglay sa puso ang katotohanan,
Sa tulong ng Espiritu aming labi'y dampian.
Dalangin namin Panginoon hakbang nami'y patnubayan,
Sa mga kaluluwang iyon na Iyong pinahahalagahan.

Ang araw ay papalubog, panahon ay nauubos.
Nalalaman natin ang Kaniyang banal na utos.
Panawagan ay napakalinaw ni Cristong Manunubos
Ngayon na ang panahon, upang humayo sundin ang utos.